

Tagalog
60-0515E

Ang Mga Taga Efeso Ay Kahalintulad Ng
Josue
Ephesians Parallels Joshua

May 15, 1960
Jeffersonville, IN

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

Ang aklat na ito ay malayang maipalimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

Ang Mga Taga Efeso Ay Kahalintulad Ng Josue

1 Buweno, ito'y . . . sa tuwina, tulad ng nasabi ko na, "Nagalak ako nang sabihin nila sa akin, 'Magtungo tayo sa bahay ng Panginoon,'" sa wari ko'y si David ang nangusap niyan minsan, "Magtungo tayo sa bahay ng Panginoon." Wala akong alam na mas mainam na lugar na paroonan, mayroon ba kayong alam, kaysa sa bahay ng Panginoon.

2 Ngayon, sa gabing ito tayo ay . . . May mga kaibigan tayo rito na nanggaling pa sa Georgia. At marahil ay bibiyahe pa sila matapos ang tanghalian mamayang gabi. At pagkatapos tayo ay . . . Ang ilan sa mga galing pa sa malayo, sana'y makapamalagi na muna dito. At anumang silid na mayroon kami ay bukas para sa inyo.

3 Magpapatuloy tayo sa ating pag-aaral sa Miyerkules ng gabi, at kung lolobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ulit.

4 At magsisimula na ang gawain sa Chatauqua sa a-asais. Kaya't lahat ng mga nagplano na ng bakasyon, umaasa tayo ng isang napakainam na panahon sa Chatauqua. Sa tuwina ay nagkakaroon tayo roon ng isang kahanga-hangang panahon. Hindi masyadong marami ang dumadalo, magkaminsan ay umaabot tayo sa . . . Makapaglalaman ito ng mga . . . Sa wari ko'y makapaglalatagay tayo doon ng sampung libo, nang madali. Ngunit, karaniwan, tulad nung isang taon, mga pitong libo ang dumalo, mga ganu'n. Punong-puno ang lugar na iyon, ngunit marami pang lugar para tayuan, at ang mga upuan ay maaaring ihilera hanggang sa labas. At inaasam na natin iyon.

5 At nagagalak akong makitang naririto ang marami sa ating mga kapatid na ministro. Hindi ko maisip ang pangalan ng isang ito, ang misyonero, Brother Humes. At si Sister Humes, ikaw ba 'yang nakaupo rian, at ang mga bata, nagagalak tayong makapiling sila, isang misyonero. Ang iba pa, sina Brother Pat, Brohter Daulton, at, oh, sadyang napakarami, si Brother Beeler. At nakita ko Si Brother Collins kani-kanina lang. At, oh, magiging medyo mahirap na tawagin silang lahat. Ngunit kami'y nagagalak na makasama kayo sa bahay ng Panginoon ngayong gabi. Ang pinakamamahal nating Brother Neville ay nakaupo sa aking likuran upang manalangin sa akin habang tayo ay nagtuturo ng Salita . . . Charlie, nagagalak akong makita ka dito at si Sister Nellie ngayong gabi, pati ang mga bata. Ito ay . . . At ang pagtuturo ng Biblia karaniwan ay napaka . . . Oo, Brother Welch, kani-kanina lang ay hinahanap kita; nakikita na kita ngayon na nakaupo rian sa likuran. At . . .

6 Ang pagtuturo ng Biblia ay medyo mapanganib, alam n'yo na, parang lumalakad ka sa manipis na yelo; ika nga natin. Ngunit nadarama lang natin na marahil sa puntong ito at sa pagkakataong ito, makabubuti sigurong dalhin ang iglesia sa iniisip kong isang lubos na pagkaunawa, sa ating posisyon, ng kung ano ba tayo kay Cristo Jesus. At minsan ay iniisip kong napakagandang bagay ng pangangaral, ngunit magkaminsan naniniwala ako, Brother Beeler, na ang pagtuturo ay higit diyan, gayun nga . . . Lalo na sa iglesia.

Ngayon, ang pangangaral karaniwan ay humuhuli sa makasalanan, inihahatid siya sa ilalim ng kumbiksyon sa pamamagitan ng Salita. Ngunit inilalagay ng pagtuturo ang tao sa tama niyang posisyon ayon sa kung ano siya. At hindi tayo maaaring makapanampalataya nang tama malibang malaman natin ang ating posisyon ayon sa kung ano tayo.

7 Ngayon, kung isinugo ako ng marilag na lupaing ito ng Estados Unidos sa Russia bilang isang embahador ng bansang ito, at kung ako'y opisyal na ipinadala nila sa Russia, ang buong kapangyarihan ng Estados Unidos ay nasa aking likuran. Ang salita ko ay katulad ng sa Estados Unidos, kung ako'y nakilala nang isang embahador.

8 At kung isinugo tayo ng Diyos upang maging mga embahador Niya, ang buong kapangyarihan ng kalangitan, lahat ng kung ano ang Diyos, lahat ng Kaniyang mga Anghel at ang buong kapangyarihan Niya ay nakasuporta sa ating mga salita kung naitalaga tayo nang tama, bilang mga isinugong mensahero sa mga tao. Kailangang parangalan ng Diyos ang Salita, sapagkat matapat Niyang isinulat, na “Anumang talian n'yo sa lupa ay tatalian sa langit. Anumang kalagan n'yo sa lupa ay kakalagan sa langit. At pinagkakaloob Ko sa inyo ang mga susi ng Kaharian.” Oh, gayong kadakilang mga pangako ang ibinigay Niya sa iglesia.

9 At ako, matapos ang nakaraang araw, marami sa inyo ang sa wari ko'y naririto kaninang umaga upang pakinggan kung papaano kong pinagsikapang ipaliwang sa aking hamak at payak na paraan ang pangitain ng kalangitan na nakita ko . . .

10 Hindi ko pagdududahan sa anumang paraan ang anumang sabihin sa akin ninuman na sinabi sa kanila ng Diyos. Paniniwalaan ko ito; bagama't hindi ko ito makita sa Kasulatan nais ko pa ring paniwalaan ang sinabi ng kapatid na iyon. Marahil ay mananatili akong sumasang-ayon sa Biblia, ngunit paniniwalaan ko pa rin na marahil ay nagkamali lang ng intindi ang kapatid, na baka nalito lang siya nang kaunti. At paniniwalaan ko pa ring siya ay kapatid ko.

Diyos at iyong asawa at munting mga anak. Paalam honey. Pagpalain ka ng Diyos honey. Salamat po, salamat. Tuwang tuwa ako na naririto kayo. Nasiyahan ako na makapiling kayo at makasama sa pagsamba.

kami doon, Panginoon, at ang bawat isa sa kanila ay mapuspos ng Espiritu Santo. Dumadalangin ako sa Ngalan ni Jesus. Amen. Matatanggap mo Iyon, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Oo, Brother . . . ? . . .

154 May isang naghihinala sa isang *long distance* na tawag; ibibigay ko muna ang gawain kay Brother Neville . . . ? . . . [Nagsalita si Brother Neville at pinangunahan ang kongregasyon sa pangwakas na panalangin. Bumalik si Brother Branham at nagsalita—Ed.]

Isang batang mangangaral ang nabuwal at namatay sa pulpito . . . ? . . . Kaya isinugo naming ang bato ng pananampalataya . . . ? . . . Itulot Mo po ngayong gabi . . . ? . . . isa siyang kahanga-hangang lalaki, kaya't nagsugo ako ng panalangin para sa kaniya, sa Ngalan ni Jesus Cristo . . . ? . . . nang sandaling ang pulso niya'y . . . ? . . . lumisan sa kaniya . . . ? . . . nakatirik ang kaniyang mga mata . . . ? . . . nabuwal sa pulpito . . . ? . . . Bukas pa ba ito? Maaari ko bang makuha ang inyong atensyon? . . . ? . . . isang batang ebanghelista, isang mangangaral dito sa Indiana ay nangangaral, nabuwal siya at namatay sa pulpito mga isang oras pa lang ang nakalilipas, habang nangangaral ay sumubsob siya, at namatay sa pulpito, isang kilalang ebanghelista, nangangaral dito sa Indiana. Kararating pa lamang ng pastor at ako'y tinawagan. Namatay siya habang nangangaral sa ilalim ng pahid ng Espiritu Santo, sumubsob, nakatirik ang mga mata, nawalan na ng hininga. Sinabing patay na siya, patay na siyang nakahiga sa loob ng isang oras. At may nagsabi sa kanila na tawagan ang ating simbahan at ako'y pagdasalin. Kaya't isinugo ko ang aking panalangin upang ibalik siya sa Ngalan ng Panginoong Jesus.

Nawa'y samahan ninyo ako sa pananamapalataya, upang hindi ito magmintis sa target, kundi . . . ? . . . at siya ay maibalik. Salamat sa inyo. Sumainyo nawa ang Diyos [Patlang sa tape—Ed.] hanggang sa magkita tayo sa Miyerkules ng gabi. At kayong mga taga Georgia at sa paligid, paalam. Sumainyo nawa ang Diyos. Kapatid na pastor . . .

[Nangusap at nanalangin si Brother Branham para sa iba pa—Ed.] . . . at inaalay ko ito . . . ? . . . sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen . . . ? . . . [Ang mga salita ay hindi maintindihan—Ed.] Kayo na ba itong lahat . . . ? . . . [Binati ni Brother Branham ang mga tao—Ed.] Salamat sa card. Nagagalak akong makita kayong lahat dito . . . ? . . . Napakainam na makita kayo . . . ? . . . Oh, tama ba? [Ang mga salita ay hindi maintindihan—Ed.] . . . ? . . . Napakainam na makita kayo. Kumusta kayo? Kumusta ka kapatid? Oo, ako'y . . . Ano'ng sabi mo? Mabuti iyan. Napakaganda. Ngayon, mayroon silang natatanging lugar . . . ? . . . Naririto ka ba kaninang umaga? . . . ? . . . Mabuti. Labis akong nagagalak. Tunay na napakaabuti nu'n sister . . . ? . . . Pagpalain ka ng

11 At kung may anumang nag-aalab sa aking puso, at umaasa akong hindi ito mawawala sa mga darating ko pang mga taon, hindi ko malilimutan kailan man ang nangyari nung nakaraang Linggo ng umaga, isang linggo na. May idinulot ito sa akin na lubos na bumago sa aking buhay. Hindi na ako natatakot. Wala na akong takot sa kamatayan. Hinding-hindi na nakatatakot ang kamatayan. At hindi na rin sa iyo kung nauunawaan mo lang. Ngayon, marahil kung . . . Kailangang maranasan mo upang malaman mo, sapagkat walang paraan upang ipaliwanag ito. Hindi ka makahanap ng salita, sapagkat wala ito sa diksyunaryong Ingles, o sa iba pang diksyunaryo; sapagkat ito'y eternal: walang kahapon, walang bukas, ang lahat ay sa kasalukuyan. At hindi ito, “Maganda ang pakiramdam ko ngayon,” at pagkatapos ng isang oras, “Hindi na masyadong maganda ang pakiramdam ko,” at pagkatapos ng isa na namang oras, “maganda na naman ang pakiramdam.” Palagi itong nasa kasalukuyan (Kita n'yo?), hindi nahihinto, sadyang napakaluwalhating kapayapaan at iba pa.

12 At hindi maaaring magkaroon doon ng kasalanan; hindi maaaring magkaroon ng pagseselos; hindi maaaring magkaroon ng karamdaman; walang anumang maaaring makaabot sa makalangit na dalampasigang iyon. At kung magkakaroon ako ng prebiblehiyong sabihin ito, at, marahil ay wala . . . Kung wala man, kung gayo'y idinadalangin kong patawarin nawa ako ng Diyos. Ngunit kung nasa akin ang prebiblehiyo, at itinulot ng Diyos na ako ay maiangat upang makakita ng isang bagay, na tatawagin kong unang langit. At sa paniwala ko, may isa sa Biblia na ang ngalan ay, sa wari ko'y si Pablo, na naiangat sa ikatlong langit. At kung ganito na kaluwalhati sa unang langit, anong mayroon ang ikatlong langit na iyon? Di nakapagtata kang hindi siya makapangusap tungkol dito sa loob ng labing-apat na taon. Ang sabi niya hindi niya alam kung siya ba ay nasa katawan o nasa labas ng katawan. Tulad ng dakilang apostol na iyon, hindi upang makibahagi sa kaniyang opisina, o hindi upang iparis ang ating sarili sa kaniya, ngunit maaari kong sabihing tulad niya: hindi ko alam kung ako ay nasa katawang ito o nasa labas nito. Isang bagay lang, singtotoo ito ng pagkakatingin ko sa inyo ngayon.

13 At lagi kong iniisip dati na pag dadaan ako, makakikita ako ng isang maliit na ulap na palutang-lutang, isang espiritu, at sasabihin ko, “Hayun si brother at si sister; sina Charlie at Nelie 'yon. Sina Brother at Sister Spencer ang dumaang iyon.” Dati nang palaisipan sa akin iyon. Kung ang mata ko ay nasa libingan na, naaagnas na, nabubulok na, kung ang mga tainga ko ay wala na rito upang makarinig, at kung ang dugo ko ay bumalik na sa pinanggalingan at inimbalsamo na, at ito'y nasa tubig o sa lupa na, at ang pag-iisip ko, ang mga selula ng aking utak ay wala nang lahat, kung magkagayo'y papaano pa ako magiging anuman maliban sa isang espiritung palutang-lutang? At napagod

ako. Papaano kong sasabihin, “Hello, Brother Pat, oh, tuwang-tuwa akong makita ka. Hello, Brother Neville, gustung-gusto kitang makita.” Ngunit naisip ko, “Buweno, kung wala na akong ipangtitingin, wala na akong bibig na ipangsalita, ito’y nabulok na, alabok na, papaano kong masasabing, ‘Hello, Brother Pat,’ ‘Hello, Brother Neville,’ at iba pa, ‘Hi, Charlie?’”

14 Ngunit ngayon alam ko nang mali iyon. Sapagkat nakasulat sa Mga Kasulatan, at sinasabi kong hindi ito salungat, “Kung ang makalupang tabernakulong ito ay magiba, may isa na tayong naghihintay,” ibang tabernakulong may mga mata, tainga, bibig, pag-iisip. Kung magiba ang makalupang tabernakulong ito, mayroon itong katawang nakadarama, nakapagsasalita.

15 At ngayon kararating lang nito sa akin, na si Moises ay patay na sa isang di matukoy na libingan sa loob ng walong daang taon, at si Elias ay nagtungo na sa langit limang daang taon bago pa iyon, ngunit sa Bundok ng Pagbabagong Anyo ay nakita silang nakikipag-usap kay Jesus.

16 Matapos na mamatay ni Samuel sa loob ng mga tatlo hanggang limang taon, at tinawag siya ng mangkukulam ng Endor, at napasubasob siya, at nagsabing, “Dinaya mo ako, sapagkat ikaw mismo si Saul. Dahil nakakikita ako ng mga diyos.” Isa siyang hiteno (Kita n’yo?), “Nakakikita ako ng mga diyos na nagbabangon.

17 At di pa siya makita ni Saul at ang sabi niya, “Ano ang hitsura niya? Ilarawan mo siya sa akin.” Ang sabi niya, “Mapayat siya, at mayroon siyang balabal sa kaniyang balikat.”

18 Ang sabi niya, “Iyan ay si Samuel na propeta; dalhin mo siya sa rito sa aking harapan.” Nais kong pansinin n’yo na hindi pa naiwawala ni Samuel ang alin man sa personalidad niya. Isa pa rin siyang propeta; sinabi niya kay Saul kung anong eksaktong mangyayari kinabukasan.

19 Kaya, kita n’yo, hindi tayo lubusang paglalahuin ng kamatayan sa ating pagtangis at pag-iyak at pagdadalamhati sa libingan. Binabago lang nito ang ating tirahan. Dinadala tayo nito sa isang dako upang . . . Ano ba ang edad? Kung tatagal ng isa pang oras ang buhay ko, mabubuhay ako nang mas matagal kaysa sa maraming disisais anyos. Mabubuhay ako nang mas matagal kaysa sa mga limang taong gulang. Walang anuman ang edad. Sadyang inilagay tayo dito dahil sa isang layunin, upang gumanap ng isang bagay.

20 Buweno ngayon, marami sa mga inang nakaupo rito na mukhang bata pa, ang ilan sa kanila ay sisenta o sitenta y singko anyos na, ay magsasabing, “Buweno, ano’ng ginampanan ko, Brother Branham?” Pinalaki n’yo ang inyong mga anak. Nagampanan n’yo kung ano’ng dapat n’yong gampanan.

at nahatak nga ang lahat palabas, dahil sumabit ang malaking sima sa loob ng tiyan ng isda. At nang mangyari iyon, ibinato niya ito sa tubig, at pumasag lang ito ng apat o limang ulit, at iyon na ’yun; sapagkat ang mga bituka at hasang nito ay nakalabas sa kaniyang bibig. At nagpalutang-lutang siya sa loob ng mga kalahating oras, napadpad siya sa mga halaman.

152 At nakaupo ako roon at nangingisda, at bigla na lang dumating ang Espiritu Santo, ang sabi, “Mangusap ka sa isang iyon.”

Ang sabi ko, “Munting isda, ibinabalik sa iyo ni Jesus Cristo ang iyong buhay,” at ang munting isdang iyon, na patay na sa tubig, ay bumaligtad at nag-rrrrrrttt sa tubig nang simbilibis ng makakayanan nito.

Sina Brother Lyle at Brother Wood ay nakaupo ngayon dito. Ang sabi ni Brother Lyle, “Brother Branham, iyon ay para sa akin sapagkat sinabi ko sa munting . . . ? . . . aniya, “Hindi ko . . . ? . . .” Ang sabi niya, nang haltakin niya ang mga bituka palabas sa isda at ito’y ibinato naiya roon, ang sabi niya, “Ipinutok mo na ang huling bala mo, munting nilalang,” ganu’n. Ibinato niya ito, ang sabi niya, “Ako ang pinatutukuyan nu’n.”

At ang sabi ko, “Hindi, Brother Lyle, hindi iyon.”

Ang sabi ni Brother Banks na nasa likuran, “Gaano karaming tao sa mundo, ilang libo, ang magnanais na makatayo sa kinatatayuan natin ngayon upang makitang bumababa ang kapangyarihan ng Diyos at gumagawa ng isang bagay na tulad niyan?” Sa ibang salita, para siyang . . . Sa wari ko’y lahat kami’y nakaramdam ng tulad ng naramdaman ni Pedro, “Mabuting maparito. Magtayo tayo ng tatlong tabernkulo.” Tama.

153 Ngayon, Brother Lyle, may pahid ka na ng Espiritu Santo. Iniwan mo na ang Egipto; ang mga palyok ng bawang at ang dumi ng sanlibutan. Nakatayo ka na ngayon sa dalampasigan ng Jordan, na nasa kabilang ibayo lang. Itawid ka nawa ng Diyos.

Diyos na Makapangyarihan sa lahat, narito ang Iyong tropeo. Tunay ngang siya sana’y mapapasa isang matinding kagipitan, Panginoon, ngunit ang puso ko’y nakaramdam para sa kaniya. Ang mga panalangin namin ang nagpatama ng pamatay na suntok, sapagkat ang bagay na gumapos sa kaniya ay naalis na sa kaniya. Nadurog na ito, at ngayon siya’y lumulusong na sa Jordan. Dalhin Mo po siya sa lupang pangako, Panginoon, at tatakan Mo siyang kasama ng mga tao, upang sa maluwalhating araw na iyon kapag nagkita-kita kami roon, madama ko ang init ng kaniyang mga bisig habang siya’y sumisigaw, “Mahal kong kapatid.” At alam kong . . . ? . . . Isama mo po si Banks sa kaniya, Panginoon, maaari ba? Ang tatay, nanay, at lahat sila, kapatid na babae, at lahat ng dakilang pamilyang iyon. Magkita-kita nawa

At ang sabi nila, “Dito sa tinignan ni Juan.”

Ang sabi niya, “Buweno, tumuro lang si Juan sa oras at sa lugar.” At nang marining nila ito, nagpabautismo sila sa tamang parte ng ilog, at sila’y tumawid papasok sa . . . ? . . . buhay sa Espiritu.

Ipagkaloob mo ito sa aming kapatid at sa kaniyang mga mahal sa buhay, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

150 Brother Lyle . . . Oh . . . Oo . . . ? . . . Iyon at ang pangitain na ibinigay Niya . . . ? . . . Gayunpaman tapos na ito. Pagpalain ka ng Diyos. Nasa daan ka na patungo sa lupang pangako, kapatid . . . ? . . .

Ilan ba rito ang nakaaalala na bago pagtibayin sa akin ang ministryong ito na isang araw ay kasama kong nangingisda ang isang lalaki, sa isang ilog, sa isang lawa? At nakahuhuli ako ng maliliit na isda, at lumukob sa akin ang Espiritu Santo. Mayroon doong isang malaking lalaki, isa siyang Jehovah Witness. Ang kapatid niya’y naririto, Banks Wood. Nasa kung saan siya rito, at kapitbahay ko siya. Ito’y si Lyle. At ang mga taong ito ay mga Jehovah Witness. At sinabi nila isang araw nang kami ay nangingisda matapos na ma-convert ang mga lalaking ito, nagsabi ako ng isang bagay sa kaniyang buhay, at lahat ng nangyari, at lahat ng tungkol doon, at katatapos lang niyang ipagtapat ito sa’kin, at kawawaksi lang niya nito sa kaniyang buhay. Tama. Purihin ang Panginoon. Tama nga. Ang ama niya ay yaong tagabasa. Si . . . ? . . . ba ay nasa gusali? At siya at ang kaniyang asawa ay kapuwa nabautismuhan upang magpatotoo sa Pangalan ni Jesus Cristo dito sa bautismuhan. At ang lalaking ito ay nakaupo sa tabi niya, mga kapatid na lalaki.

151 Banks, nasaan ka? Narito ba siya sa loob? Nandoon sa sulok. Oo. At tayo ay nangingisda noon. At kapatid, nakapatay ang anak kong lalaki . . . akala niya’y nakapatay siya ng kuting ilang araw bago iyon. May mga kuting ang isang inahing pusa at dinampot niya ang isa at naibagsak. At akala ko . . . Ang sabi ko, “May bubuhaying munting nilalang ang Panginoon, isang araw bago iyon. tama ba, Lyle? Nakatayo kami roon sa malamig na klima. At ang sabi ko, “ITO ANG SABI NG PANGINOON.”

At kami ay nangisda buong magdamag at wala kaming nahuli. Kinabukasan, nangingisda kami ng mga bluegill sa isang look; maliit na isda iyon. At si Brother Lyle ay may malaking panghuli, at napalulon niya ang kaniyang sima as isang maliit na bluegill, na nang ito’y hatakin niya, ang pisi niya ay nakapasok nang husto, ang malaking sima ay nasa tiyan ng munting bluegill na iyon. At nang hatakin niya ito, sadyang kinailangan niyang hatakin ang mga bituka at lahat na palabas sa munting bluegill upang iyon ay makuha

21 Marahil may isang tatay na nakaupo rito na magsasabi, “Buweno, nagbungkal ako ng bukid; ginawa ko ang ganito. Hindi ako nangaral.” Ngunit ginawa mo kung ano’ng dahilan ng pagkakasugo Niya sa iyo. May lugar para sa iyo.

22 Kausap ko ang isang matandang doktor kahapon, isa sa mga kaibigan kong doktor, matalik na kaibigan, otsenta mahigit na ang edad niya . . . At ang kaniyang hipag ay naririto sa simbahan ngayong gabi, at sadyang medyo nag-aalala siya tungkol sa kaniya. Pinuntahan ko siya. At pagkasimulang-pagkasimula kong makipag-usap sa kaniya, sumigla siya, nagkuwento sa akin tungkol sa isang pangangaso na ginawa niya doon sa Colorado, na siya ring lalawigang pinangangasuhan ko. Sadyang napakatalino niya at napakarunong . . . At ang sabi ko, “Doctor, gano katagal ka nang nagdudoktor?”

23 Ang sabi niya, “Magmula nang ikaw ay sumususo pa.” At sa kaloob-looban ko ay sinabi ko . . . “At maraming beses,” aniya, “Nakagawian ko nang dalhin ang aking karuwahe; ipinapatong ko ang aking *saddle bag* sa aking kabayo. Binibitbit ko ang maliit na bag ko at ako’y naglalakad.”

24 At ang sabi ko, “Oo nga, sa tabi ng sapa, mga alas dos ng madaling araw dala ang iyong lente, sinisikap na makakita ng bahay kung saan ay may batang sumasakit ang tiyan o inang dumaranas ng kirot ng panganganak.”

“Tama.”

25 At ang sabi ko, “Alam mo, doktor, naniniwala ako, sa kabila ng guhit na ito na naghihiwalay sa pagiging mortal at imortal, may inilaang lugar ang Diyos para sa mga doktor na naglingkod nang ganiyan.”

26 Naluha siya nang husto, at nagsimula siyang umiyak; inabot niya ang kaniyang nanlalatang mga kamay at nagsabi, “Kapatid, umaasa ako.” Sa lupaing iyon, hahatulan ng Diyos ang kaluluwa ng tao, kung ano ba siya.

27 Pagkatapos ay ibinigay ko sa kaniya ang nagbibigay-kasiyahang Kasulatang ito. Maraming beses, ginagalugad niya ang madilim at maputik na kabukiran sa gabi, nagsisikap na makatulong sa kung kanino, marahil ay hindi siya nagpabayad ng isang pera man lamang, ngunit walang anuman iyon. Ang sabi ko, “Sinabi ni Jesus sa Kasulatan, ‘Mapalad ang mahabagin, sapagkat tatanggap siya ng habag.’” At iyon ay totoo.

28 At ngayong gabi nais nating isaayos ang iglesia sa tatlong araling ito, kung ipahihintulot ng Diyos, kung papaano at ano ang dapat nating tignan, kung ano ba tayo. Magsisimula tayo sa unang kabanata ng Aklat ni Pablong isinulat sa Efeso. At tatalakayin natin ang unang tatlong kabanata sa susunod nating tatlong pag-aaral, sisikapin nating makuha ang isang kabanata kada gabi, kung magagawa natin, ngayong gabi, sa Miyerkules, at sa susunod na Linggo ng

umaga. Ang unang Kabanta ng Mga Taga Efeso . . . Ngayon habang sama-sama tayong nag-aaral, nais kong sabihin, ang Aklat ng Mga Taga Efeso ay kahalintulad na kahalintulad ng Josue ng Lumang Tipan: Mga Taga Efeso, ang Aklat ng Mga Taga Efeso . . .

29 Ngayon, tandaan n'yo, kung malihis kami nang kaunti sa inyong katuruan, pagpaumanhinan n'yo lang kami at pagtiisan nang sandali. Bago natin Ito buksan, hilingin natin sa Kanyang tulungan tayo, habang nakayuko tayo.

30 Panginoon, lumalapit kami sa Iyong banal at sagradong Kasulatan, na higit na matatag kaysa sa buong langit at lupa. Sapagkat nababasa namin sa Salitang ito, na kung tawagin ay Biblia, na “Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Slaita ay hindi mabibigo.” At sa taimtim na oras na ito na ako’y naparito sa pulpito ngayong gabi sa harapan ng binili ng Iyong Dugo, ang mga pinakamamahal na mortal na nakaupo rito ngayong gabi, na nangungunyapit sa bawat munting pag-asa na kaya nilang hawakan para sa Buhay na darating, makasapat nawa ito ngayong gabi, upang makita ng bawat mananampalatayang naririto ang kaniyang posisyon, at lahat ng hindi pa nakapapasok sa dakilang pakikisamang ito ay magsumigasig sa Kaharian, Panginoon, at kumatok sa pinto hanggang sa pagbuksan sila ng pintuan ng Tagapag-ingat. Itulot Mo po ito, Panginoon.

31 Nababasa namin dito na ang Biblia ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag. Diyos huwag Mo pong itulot na ako na Iyong lingkod o maging sinumang lingkod ang sumubok na maglagay ng kanilang sariling pagpapaliwanag sa Salita. Itulot Mo pong basahin lang namin at paniwalaan Ito ayon sa pagkakasulat. At lalung-lalo na kaming mga pastor ng mga kawan, kaming mga pastor na matitipon sa maluwalhating lupaing iyon kasama ng mga munting kawan ito, at tatayo sa Presensiya ng Panginoong Jesus, at makikita naming magsisilapit ang henerasyong iyon, ni Pablo, ni Pedro, at ni Lucas, at Marcos, at Mateo, at lahat ng iba pa, at makikitang hahatulan sila doon kasama ng kanilang mga grupo. Diyos, itulot Mo po na makapaglapag ako ng sampung milyong tropeo sa Iyong paanan habang buong pagpapakumbaba akong gumagapang papalapit sa Iyo at ipinapatong ang aking mga kamay sa Iyong mga paa at nagsasabing, “Panginoon, sila ay sa Iyo.”

32 O Diyos, puspusin Mo po kami muli ng Iyong Espiritu at ng Iyong pag-ibig at ng Iyong kabutihan. At kami nawa’y, tulad ng sinabi ng manunula sa awitin maraming taon na ang nakalilipas, “Mahal na naghihingalong Kordero, Di mawawalan ng Kapangyarihan ang Iyong Dugo, hanggang maligtas ang buong iglesiang tinubos ng Diyos upang di na magkasala pa. At mula nang makita ko ang agos na dulot ng dumadaloy Mong sugat; ang mapanubos Mong

Sadyang kailangang magkaganiyan ngayon, *honey* . . . ? . . .

Diyos na nasa Langit, itulot Mo po na ang anim na mga anak niya na nais niyang maligtas . . . Narinig niya ang patotoo ni Brother Daulton, ng magaganda niyang mga anak. Ninanasa niya ang anim niyang mga anak, Ama. Magpasakaniya nawa ang mga ito. Magkita nawa sila sa lupaing iyon kung saan ay wala nang gabi, ligtas na iniingatan at kinakanlong ng Dugo ni Jesus Cristo. Amen. Matanggap mo nawa ito, sister, ang aking panalangin.

148 Sumasampalataya ako . . . Halos wala nang makatutulong dito: binibigyan nila siya ng maliit na bagay na parang a—oh, parang *acetomin*; isa itong . . . *Cortisone*, kung tawagin nila ito, at pinapatay ka nito, sinisira ang iyong dugo kaya . . . ? . . . Ngunit ang . . . Mangyari kasi ang *arthritis* ay parang leon na sumasakmal sa tupa pagkatapos ay tumatakbo nang malayo. Ngayon, ano’ng magagawa ng isang tirador? Ay, naku, may isang malaking umuungal na leon na may sakmal na tupa. At gustung-gusto niya ang tupa, kaya’t tumakbo siyang dala ang tupa; ngunit kinuha ni David ang tirador at hinabol ang leon. Kita n’yo, ngayon ay masdan n’yo. Mayroon siyang limang bato: f-a-i-t-h, niya, sa. Hawak niya ang kaniyang tirador: J-e-s-u-s. Asintado siya. Mayroon at mayroong mangyayari; habulin natin ang *arthritis* na iyon ngayong gabi sa pamamagitan ng panalangin, ibigay nawa ito ng Diyos sa iyo.

Nais niyang mabautismuhan sa Ngalan ni . . . Nais mo siyang mabautismuhan . . . ? . . . Salamat sa iyo, sister. Hindi dahil ganiyan . . . ? . . . Hindi dahil . . . Ngayon, kung iyan ay nasa Biblia para sa Ama, Anak, at Espiritu Santo, paniniwalaan ko iyon at mananatili ako roon, kita mo. Ayaw kong maging iba. Iyon ang gugustuhin ko . . . ? . . . Pananagutan ko iyon. Nakikita n’yo ba? At kailangan ko itong sabihin ayon sa pagkakasabi dito, hindi para maging iba, kundi upang maging tapat.

149 Ngayon, Ama, lumalapit kami para sa kaniyang mga mahal sa buhay. Mayroon siyang *arthritis* at narito’t nais niyang mabautismuhan siya sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, sapagkat iyon ang entrada; iyon ang bukas na lagusan. Doon nagbukas si Josue ng isang landas na tumawid papasok sa lupang pangako. Hindi dalawa o tatlong lugar ang nagbukas; iisa lamang.

Si Pedro, nung araw ng Pentecostes, nang unang pasinayaan ang iglesia, ay nagbukas ng landas, at nagsabi, “Magsipagsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo.” Hindi sila lumihis sa landas na iyon; ang bawat isa ay tumawid papasok sa lupang pangako. Ang ilan sa kanila ay sumubok na tumawid sa ibang parte ng ilog, at ang sabi ni Pablo sa kanila, “Papaano kayo binautismuhan? Saan ba kayo sumubok na tumawid?”

Ngayon, tignan n'yo. Nais kong bigyan kayo ng kaunting pagtuturo, yaman din laman na kayo na ang huli dito. Nais kong kumuha ng . . . 'Pagkat alam kong ito'y anak mong lalaki, Charlie. Nais mo bang maipanalangin . . . ? . . .

146 Nais kong sabihin ang isang bagay. Nabasa n'yo na ba sa Kasulatan kung saan ito isinasaad ng Biblia? Sinabi ni Pablo sa Romanong Senturion (Naririnig n'yo ba ako nang maayos?), sinabihan niya ang Romang iyon nang bunutin niya ang kaniyang espada upang magpakamatay sa Filipos nang siya ay makulong. At inuga ang kulungan ng isang lindol. Ang sabi niya, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas." Narinig n'yo na ba 'yan? "Ikaw at ang iyong sambahayan . . ."

Ngayon, tignan n'yo. Kung may sapat kang pananampalataya para sa iyong kaligtasan, hindi ka ba maaaring magkaroon ng sapat na pananamapalataya para sa iyong anak? Sa kung papaano't papaano man ang Diyos ay . . . ? . . . At Panginoon, nananalangin ako para kina Sister Spencer at Brother Spencer ngayong gabi, na bawat isa sa mga anak nila ay maparoon sa maluwalhati't masayang lupaing iyon kung saan ay hindi na magkakaroon ng karamdaman o ng pagtanda, wala nang kapighatian at kabiguan, at ang buong abang buhay na ito ay maglalahong tulad sa isang bangungot na lumipas na. Matanggap nawa nila ito, at lahat nawa ng kaniyang mga anak, at ang kaniyang asawa, lahat ng kaniyang mga mahal sa buhay, at lahat ng nagmamahal sa kaniya; at lahat ng minamahal niya, maparoon nawa silang lahat na kasama niya, sa Ngalan ni Jesus. Pagpalain ka ng Diyos, sister. Otsenta y dos anyos. Nahuhukot ka na . . . ? . . . Kung papaanong ang mundo ay nawawasak na rin, Sister Spencer.

147 Buweno, handa ka nang magpahinga, kita mo . . . ? . . . buong panahon . . . ? . . . panatilihin mo lang ang iyong pananampalataya sa Kaniya . . . ? . . . makatatawid ka . . . ? . . . At sintiyak ng nakatayo ako rito sa . . . ? . . . ngayong gabi, Sister Spencer, sa biyaya Niya makikita ko kayo ni Jesse pagtawid sa hangganan, na bata at malaya. Lahat kayo ay tatakbo at sisigaw ng, "Kapatid ko, kapatid ko." Magkikita tayo.

Ninenerbiyos siya. Amang Diyos, ang babaeng ito ay aatakin, at kailangan niyang makarating . . . ? . . . bilang tanging . . . ? . . . humahadlang. Ngunti lumalapit ako para sa kaniya ngayong gabi. Lumalapit ako sa Iyo, Ama. Lumalapit ako upang hilingin sa Iyo na gabayan mo ang pagtira ko. Lubusan nawa itong tumumbok sa kaniyang . . . ? . . . Nawa ang panalangin ito sa Ngalan ni Jesus Cristo ay tumama sa kaniyang nerbiyos upang ito'y mawasak, at maibalik ang tupang ito ng Diyos sa kaniyang pastulan. Amen.

pag-ibig ang naging tema ko, at iyon na nga hanggang ako'y mamatay. At sa mas marangal at matamis na awitin," nagpatuloy pa siya, "Aawitin ko ang kapangyarihan Mong magligtas; kapag ang abang dila kong nabubulol at nauutal ay nanahimik na sa libingan." Kung gayo'y wala nang hawak na kamatayan ang libingan para sa Iyong mga anak. Ito'y pahingahan lang namin, o kublihan lamang, kung saan mabibihisan ng walang kasiraan ang may kasiraang ito.

33 At makita nawa namin ito, Panginoon, ngayong gabi nang malinaw, ayon sa pagkakabigay sa amin sa Salita. Pagkalooban Mo po kami ng unawa. At ilagay mo po kami, Panginoon, sa aming lugar ng tungkulin, upang makapaglingkod kami nang buong katapatan hanggang sa pagdating Mo. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus, at sa Kaniyang kapakanan. Amen.

34 Ngayon, ang Aklat ng Mga Taga Efeso, tulad ng kasasabi ko pa lang, sa aking opinyon, ay isa sa mga pinakadakilang Aklat ng Bagong Tipan. Hinahatid tayo nito sa lugar kung saan ang Calvinismo at Arminianismo ay kapuwa nalilihis, ngunit pinagsasalubong ng Aklat ng Mga Taga Efeso at inilalagay ang iglesia sa tamang posisyon nito.

35 Ngayon, itinipo ko ito sa Josue. Kung mapapansin n'yo, ang Israel ay iniahon mula sa Egipto, at may tatlong yugto ang kanilang paglalakbay. Ang isa ay ang paglisan sa Egipto. Ang kasunod ay ang ilang. At ang sumunod na yugto ay ang Canaan.

36 Ngayon, ang Canaan ay hindi kumakatawan sa panahon ng Milenyum. Kinakatawan lamang nito ang panhon ng mananagumpay, ang dispensasyon ng pananagumpay, sapagkat sa Canaan ay pumatay sila at nanunog at nangubkob ng mga bayan. At hindi na magkakaroon ng kamatayan sa Milenyum.

37 At isang bagay pa, ipinakikita nito ang pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, matapos nilang sumampalataya kay Moises at lumisan sa Egipto; ang pagpapakabanal sa pamamagitan ng pagsunod sa silong ng Haliging Apoy at katubusan ng haing kordero sa ilang; at pagkatapos ay ang pagpasok sa isang lupaing ipinangako.

38 Ngayon, ano ang lupaing ipinangako sa mananampalataya ng Bagong Tipan? Ang pangako ay ang Espiritu Santo. "Sapagkat mangyayari sa huling mga araw," Joel 2:28, "na Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang inyong mga anak na lalaki at babae ay manghuhula. At sa aking mga aliping babae at lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, at sila'y magsisipanghula. Magpapakita ako ng mga kababalaghan sa kalangitan. At sa lupa, mga haliging apoy, at usok, at singaw." At ang sabi ni Pedro, nung araw

ng Pentecostes, matapos niyang kunin ang kaniyang texto sa pangangaral, “Magsisi ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng kasalanan,” upang maalís, upang mapatawad, upang matanggal ang lahat ng dating mga pagkakasala.

39 Napansin n’yo ba si Josue? Bago sila tumawid ng Jordan, ang sabi ni Josue, “Kayo’y dumaan sa gitna ng kampo at labhan ninyo ang inyong mga kasuotan at maglinis ang bawat isa sa inyo, at huwag sumiping ang sinumang lalaki sa kaniyang asawa, sapagkat sa loob ng tatlong araw ay makikita n’yo ang kaluwalhatian ng Diyos.” Kita n’yo? Isa itong proseso ng paghahanda upang manahin ang kaharian.

40 Ngayon, ang pangako sa Israel ay . . . Ibinigay ng Diyos kay Abraham ang pangako ng lupain ng Palestina, at ito’y magiging pag-aari nila magpakailan man. At sila’y dapat na manahan na palagi sa lupaing ito.

Ngayon, dumaan sila sa tatlong yugto, sa pagpunta sa lupang pangakong ito. Ngayon, masdan; ganap itong itinipo sa Bagong Tipan.

41 Ngayon, ito, tulad ng sinabi ko, ay di ayon sa ilang kaisipan ninyo. Sa ilan sa inyong mga mahal na Nazarene, Church of God, at iba pa, huwag kayong masasaktan, kundi magmasid lang kayong mabuti at masdan n’yo ang mga tipo. Masdan n’yo at tignan kung hindi ito ganap na tumutugma sa bawat bahagi.

42 May tatlong yugto ang paglalakbay, at may tatlong yugto ang paglalakbay na ito. Sapagkat tayo ay inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, sumasampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, tinalikdan natin ang lupain ng Egipto, lumabas tayo, at pagkatapos ay pinabanal tayo sa pamamagitan ng pagkaalay ng Kaniyang Dugo, nalinis tayo sa ating mga kasalanan, at naging mga manlalakbay at nakikipamayan, sinasabi nating naghahanap tayo ng isang lupain, ng isang bayang darating, o isang pangako.

43 Nagkagayon din ang Israel sa ilang, mga manlalakbay, walang lugar na mapagpahingahan, naglalakbay gabi-gabi, sumusunod sa Haliging Apoy, ngunit sa huli ay nakarating sa lupang pangako kung saan ay namirmihan sila.

44 Diyan humahantong ang mananampalataya. Una ay napagkikilala niyang isa siyang makasalanan; pagkatapos ay inihihwalay siya sa pamamagitan ng tubig, ng paghuhugas ng tubig, sa pamamagitan ng Dugo, o sa paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng Salita, sumasampalataya sa Panginoong Jesus Cristo. At, dahil inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, nakabahagi siya, at nakipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, binautismuhan sa Ngalan ni Jesus Cristo upang dalhin siya sa paglalakbay. Nakuha n’yo ba? Papasok sa paglalakbay. Kung magkagayo’y naging isa siyang

sa Iyo bilang lingkod Mo; itulot mong ang mahal naming kapatid, O Diyos, hayaan mong makapasok siya sa lupang pangakong ito, sa pangakong ito na nasa kabilang ibayo tulad ng pagkakadala sa akin doon nung isang gabi . . . Magkaroon nawa ako ng prebiblehiyong yakapin siya sa kabilang lupaing iyon, na nagsasabi, “Mahal kong kapatid.” Itulot Mo po ito, Panginoon. Tanggapin nawa niya ang pangako ng Diyos, ang Espiritu Santo. Amen.

144 O Panginoon, ito ang mabiyaya kong kapatid. Ang kamay na ito ay naging mabuti sa akin, naninindigan para sa akin sa loob ng di mabilang na panahon. Naniniwala siya at nananampalataya. At ngayon, may kaaway na sumusubok na sunggaban ang aking kaibigang ito. Ang asukal . . . At sa palagay niya’y masusunggaban niya ang lalaking ito; ngunit hinahabol ko siya. Dumarating ako upang ibalik ang ganang Iyo, Panginoon, itinitirador ang batong ito nang may nakatutok na pananampalataya sa Ngalan ni Jesus Cristo nilalabanan ko ang diabetes na kaniyang . . . ? . . . ibalik Mo po ang iyong tupa sa kawan, Ama, sa Ngalan ni Jesus. Amen.

Isang glandula . . . O Panginoon, nalalaman ng aking kapatid na babae na ang pagiging sobra sa timbang na ito, ayon sa duktur, ay nakamamatay. Ang bawat sobrang libra ay bumabawas ng isang taon, ayon sa insurance chart. At nais niyang mabuhay sa karangalan at kapurihan ng Diyos. At walang duktur na makagagawa nito, Amang Diyos; sadyang nasa kamay Mo na lang ito. At si Sister Bell ay naging matapat, at naging mabait at maunawain . . . ? . . . Dumaan siya sa maraming malalalim na pagsubok; lumalapit ako para sa kaniya ngayong gabi, Panginoon. Lumalapit ako upang harapin ang kaaway. At inaaasinta ko siya nang lubusan; sa Ngalan ni Jesus Cristo ipinupukol ko ang bato ng pananampalataya sa kaaway na may hawak sa kaniya. Maitaboy nawa siya, at mapatakbo mula sa kaniya, at siya nawa’y maipanumbalik sa malilim na luntiang pastulan at sa mapayapang tubig, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

Mangyayari ito, Sister Bell. Huwag ka lang mag-aalinlangan . . . ? . . .

145 [May isang kapatid na babaeng nagpatotoo—Ed.] . . . ? . . . Tiyak nga sister . . . ? . . . Pagpalain ka ng Diyos. Amen . . . ? . . . naligtas ang isang mahal sa buhay . . . ? . . . Opo, alam ko ang lahat ng ito. Inaangkin natin itong lahat, Sister Spencer, at alam ko kung papaanong siya at si Brother ay dumaraan sa . . . ? . . . kung pupunta sila dito sa simbahan. Pagtawid ko sa kabilang ibayo, hindi na sila magpapaakay na tulad nito; magiging mga bata sila, oh, Brother Jesse . . . ? . . . lahat ng iyan. Alam n’yong lahat ay na sa kabila lamang ng munting . . . ? . . . doon, magbabalik ka sa pagiging magandang dalaga muli, at Brother Jesse sa pagiging binata. Pinangakuan kayo ng Diyos.

ang aming Ama, at itinututuk ko ang apoy ng panalangin sa kaniya, Panginoon, direkta sa bagang iyon. Isinusugo ko ang panalanging ito sa Ngalan ni Jesus Cristo; magkagayon nawa . . . ? . . . sa Ngalan ni Jesus Cristo . . . ? . . . Amen.

142 Cristiano ka ba? Sister Dird . . . ? . . . nakalayo ang ulo sa akin. Isa kang mananampalataya at tagapagmana ng lahat ng pagpapala ng Diyos, Sister Dird. Panginoon, hinahatid ko siya sa Iyo sa pamamagitan ng munting tirador na ito na ibinigay mo sa akin. Kung papaanong binigyan Mo si David ng munting tirador upang bantayan ang mga tupa ng kaniyang ama, at kapag may kaaway na dumarating para kunin ang mga tupa, hindi siya natatakot; dinadampot niya ang munting tirador at hinahaabol ang mga leon at mga oso, at isinasauli niya ang mga tupa. Ito ay isang panalangin ng pananampalataya. Sinabi Mo sa akin na kung mapapaniwala ko ang mga tao at ako'y magiging sinsero . . . Ibinabalik ko si Sister Dird ngayong gabi. Inagaw ko siya sa mga kamay ng kaaway. Siya'y tupa Mo. Isinasauli ko siya sa kawan ng Ama, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

Sister Lowe, altapresyon . . . At isa kang mananampalataya, hindi ba, Sister Lowe, isang tagapagmana ng lahat ng pagpapala? Kung gayon, Amang Diyos, itinutudla ko ang panalanging ito ngayong gabi na para bang mula sa tirador ng Diyos para sa altapresyon ni Sister Lowe. Sa susunod nawang kunan siya ng presyon ng duktor, ay tignan niya siya at sabihin, "Normal na." Malalaman niya kung ano'ng dahilan. Sa Ngalan ni Jesus Cristo ibinibigay ko ito sa kaniya. Amen.

143 Oo . . . Sana naririto ang tatay ko ngayong gabi upang maipanalangin ko siya ngayon mismo. Mananalangin din ako para sa inyong mga ama. Nakauunawa ako.

Makalangit na Ama, ang lalaking naging ama ko, na siyang naging dahilan ng pagkaparito niya sa lupa ngayong gabi. Ang anak niya mismo ay nagnanasang maibalik ang kaniyang ama mula sa mundo ng kasalanan, sa pagiging lasenngo. O, Panginoon, ipinapadala ko ang panalanging ito kalakip ng pananampalataya at kalakasan, at sa pamamagitan ng lahat ng kaya kong ipamukol sa munting batong ito sa Ngalan ng Panginoong Jesus, itinitira ko ito sa diablong naglagay ng . . . ? . . . at nawa'y makarating siya nang ligtas sa kawan sa Ngalan ni Jesus. Amen. Amen.

May ninanasa rin ba kayo? Nais n'yo bang pumasok sa lupain na kinaroroonan ng lahat ng mga pangako? Ngayon, Panginoon, ang batang lalaking ito ay nasa kabilang gilid ng ilog, nakahimpil sa kabilang ibayo at ang Jordan ay tumataas. Walang paraan para makatawid siya malibang gumawa Ka ng daan tulad ng ginawa Mo kay Josue at sa Israel. At, Ama, hinihiling ko

nakikipamayan at isang manlalakbay. Siya'y naglalakbay patungo saan? Sa isang pangakong ginawa ng Diyos.

45 Hindi pa natatanggap ng Israel ang pangako, ngunit sila ay naglalakbay na. At sa labas, nagtataas . . . Nakikiusap akong unawain n'yo. Diyan kayo bumagsak, kayong mga Nazarene at Pilgrim Holiness, at iba pa. Sapagkat ang Israel, nang dumating sila sa lugar ng Kadesh-Barnea, nang pumaroon ang mag tiktik at nagsabing, "Napakaganda ng lupain."

Ngunit ang ilan sa kanila ay bumalik at nagsabing, "Hindi natin iyon kayang kubkubin, sapagkat napapaderan ang mga syudad, at iba pa."

Ngunit sina Josue at Caleb ay tumindig at nagsabi, "Kayang-kaya nating kubkubin iyon." Dahil sa kanilang napirmahan dokumentadong pahayag, naniwala sila sa dalawang gawa ng biyaya, sa pag-aaring ganap at pagpapakabanal, at hindi na sila makausad pa. At makinig kayo, ang buong kongregasyong iyon ay nangamatay sa ilang maliban sa dalawang nakapasok sa lupang pangako at nagdala ng ebidensyang iyon nga ay mabuting lupain, "at kayang-kaya nating kubkubin iyon, sapagkat ipinangako ng Diyos." At sa halip na magpatuloy ang bayan, upang tanggapin ang Espiritu Santo, magsalita ng iba't ibang wika, tanggapin ang kapangyarihan ng Diyos, ang bautismo ng Espiritu Santo, inisip nilang masisira ng mga tanda at mga kababalaghan ang tradisyon ng kanilang doktrina. At ano'ng nangyari dito? Nangamatay sila sa lupain. Tama.

46 Ngunit ang mga mananampalataya, ang pangkat nina Caleb at Josue, na sumusulong patungo sa pangako, nagpatuloy sila hanggang sa makapasok sa lupain, at kinubkob nila ang lupang pangako, at namirmihan sa lupain bilang pag-aari nila. At huwag na huwag tayong huminto sa pag-aaring ganap, sa pagpapakabanal. Magpatuloy tayo sa bautismo ng Espiritu Santo. Huwag tayong huminto sa pagsampalataya sa Panginoong Jesus, pagkatapos na mabautismuhan. Huwag tayong huminto dahil nilinis Niya ang buhay nating makasalanan. Bagkus ngayon ay magsumigasig tayo patungo sa isang posisyon, sa isang pangako ng Espiritu Santo. Sapagkat sinabi ni Pedro nung araw ng Pentecostes, "Sapagkat ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa mga nasa malayo, maging gaano karami ang tawagin ng Panginoong Diyos."

47 Kaya't isinasaayos tayo ng Mga Taga Efeso tulad ng Josue, sa tamang posisyon. Napansin n'yo ba, si Josue, matapos na matawid at makubkob ang lupain, pinaghati-hati niya ang lupain. "Dito si Ephraim, dito si Manases, at ang isa namang ito ay dito, dito si Gad, dito si Benjamin." Pinaghati-hati niya ang lupain.

48 At pansinin n'yo. Oh, sadyang pinag-aalab nito ang ating mga puso. Binigkas ng bawat inang Hebreo na nagluwal sa kanilang mga anak, habang naghahirap sa panganganak ang pinaka lugar na paglalagyan sa kanila sa lupang pangako. Oh, isa itong dakilang pag-aaral. Kung matatalakay lang natin ito nang detalyado, ay gugugol ito ng napakaraming oras . . . Isang araw kapag naayos na natin ang ating simbahan, gusto kong pumarito at gumugol ng isang buong buwan o kaya' dalawa, sa paksa lamang na ito. Masdan n'yo nang sumigaw ang bawat isa sa mga inang iyon, "Ephraim," habang nanganganak siya, inilalagay siya sa kaniyang tamang posisyon kung saan ay maipupuwesto ang mga paa niya sa langis. Tamang-tama sa kinalalagyan nila ngayon . . .

49 At si Josue, wala sa kamalayan niya, kundi sa pamamagitan ng inspirasyon, sa pangunguna ng Espiritu Santo, pagkapasok niya sa lupang pangako, ipinamahagi niya sa bawat tao ang kaniyang pangako, ayon na ayon sa ipinangako ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng kapanganakan nila noon pa man.

50 Kung papaanong naglagay ang Diyos ng ilan sa iglesia, sa pamamagitan ng kirot ng panganganak . . . Oh, minsan ay tumitindi ito. Kapag ang iglesia ay dumadaing sa ilalim ng pag-uusig ng mga nasa labas, habang sumasampalataya sa Panginoong Jesus, na ang pangako ay singtunay pa rin sa atin ng sa Pentecostes, gano'n na lang sila dumaing at umiyak sa ilalim ng mga kirot ng panganganak. Ngunit matapos na sila'y maipanganak at naiposisyon sa Kaharian ng Diyos, naglagay ang Espiritu Santo sa iglesia, ng mga apostol, ng mga propeta, ng mga guro, ng mga pastor, ng mga ebanghelista. At nagbigay din Siya doon ng pagsasalita ng iba't ibang wika, ng pagpapaliwanag ng mga wika, kaalaman, karunungan, mga kaloob ng pagpapagaling, lahat ng uri ng mga himala.

51 Ang kinaroroonan ng iglesia ay . . . Ngayon, ito ang dahilan kung bakit ginagawa ko ito. Palaging sinusubukang kunin ng iglesia ang lugar ng iba. Ngunit huwag n'yong gawin iyan. Hindi ka maaaring mag-alaga ng mais sa lugar ni Ephraim, kung ikaw si Manases. Kailangang kunin mo ang lugar mo kay Cristo, pumosisyon ka at kunin mo.

Oh, lumalalim at yumayaman ito pagdating natin dito, kung papaanong naglagay ang Diyos ng nagsasalita ng iba't ibang wika, ang iba naman ay . . . Ngayon, maraming beses na itinuro sa ating kailangan tayong magsalita ng iba't ibang wika. Mali iyon. "Lahat tayo ay kailangang makaranas nito." Hindi, hindi natin kailangan. Hindi lang isang bagay ang ginawa nilang lahat, ang bawat isa ay . . .

sa pagtitipon, at pinagaling siya ng Panginoon, at ipinadala siya sa pagtitipong iyon. Nakatayo ka rito para kumatawan sa iba, napaka maka-Cristiano nito, sister. Kita mo ba, kinatawan Niya rin tayo nang tumayo Siya para sa ating lahat. Isa kang mananampalataya at may karapatan sa lahat ng ipinangako ng Diyos. Ako'y lingkod Niya. At sa Ngalan ni Jesus Cristo ibinibigay ko sa iyo kung ano'ng hinihiling mo . . . ? . . .

140 Halika Brother Bill. Pagpalain ka ng Diyos. Naging napakabuti Niya sa iyo. Isa kang mananampalataya; alam kong gayon ka nga. Sumasampalataya akong ipagkaloob ng Diyos sa iyo ang lahat ng hinihiling mo, sapagkat isa kang mananampalataya. At bilang lingkod Niya, sa iyo, kapatid ko, sa Ngalan ni Jesus Cristo ibinibigay ko sa iyo ang nasa ng iyong puso. Humayo ka na at tanggapin mo ito. Pagpalain ka ng Diyos.

Sister Bruce, kilala kita. Ang nars ay dating nasa likuran nating dalawa. Dati ay nasa Motel J, J, Twin J siya, o parang gano'n. Nakatayo ka para sa iba. At ano ang nasa mo kapag humihingi ka sa Ama? Para sa iyong sarili ngayong gabi . . . Kung gayon ay inilayo ka ng kaaway hanggang sa di ka na maabot ng duktor; ngunit ako ay humahabol sa iyo na may tirador. At sa Ngalan ni Jesus Cristo itinutudla ko ang bato nito sa mga batong iyan na barado, at ibinabalik kita sa . . . ? . . . (Kita n'yo?) ngayon, at pagpalain ka, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

141 . . . ? . . . ang pangalan ng ating ama, ginoo. Isa kang mananampalataya? Sumasakit ang tagiliran mo, sa baba at sa bandang kaliwa . . . Sumasampalataya po ba kayong ibibigay ito sa iyo ng Diyos? At ito'y lingkod Niya. Panginoon, marahil maraming maghapong mahirap na paggawa ang ginampanan ng kamay na ito, naparito siya nang may layunin, may dapat na gawin. Ipagkaloob Mo po ang pagnanasa ng kaniyang puso, Ama, habang nananalangin ako sa Ngalan ni Jesus na ito'y Iyong gawin. Amen.

Huwag kang magduda; ang pananakit na iyan ang magpapatigil sa pananakit mo diyan sa bandang ibaba, at gagaling ka na. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid . . . ? . . .

Isa kang mananampalataya, di ba? Isa kang mananampalataya, at ikaw ay isang tagapagmana ng lahat ng mga pagpapalang ito. Salamat. Ama, hinahatid ko ang aking sister sa hanay ng . . . ? . . . sa gitna ng puntirya ng malaking, at ibinabalik ko siya sa iyo mula sa kamay ng kaaway, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Sadyang magkakaganiyan nga.

Ayaw mong magpaopera. O Panginoon, habang nakatayo ang dalagitang ito dito, nasa kasibulan pa ng kabataan, idinadalangin ko siya, at kailangang alisin ang isang baga niya, at nahukot siya buong buhay niya dahil dito. Ikaw

mo ba, ikaw ay may karapatan sa lahat ng pagpapala ng katubusan.” Kung gayon ay sasabihin ko, “Sister Howard, ang lahat ay magiging maayos, at umalis ka na.” Oh, papaanong . . . Ang sabi ko, “Sisigaw ako; hihiyaw ako.” Sasabihin ko, “Panginoon, mangyayari’t mangyayari iyon. mangyayari’t mangyayari iyon.”

136 At naisip ko, “Buweno, gayon din ang iniisip ng mga tao kapag ipinapanalangin ko sila.” Kaya iyon ’yun. Nakikita n’yo na ba kung ano’ng ibig kong sabihin?

137 At tumayo ako, ng maraming beses, at hinawakan ko ang mga tao, at nagsabi, “Oh, mahal na kapatid, sasampalatayanan mo ba ito? Oh, sasampalataya ka ba?” “Panginoon, o Diyos, tulungan Mo pong makapanamataya sila. Pasampalatayanin Mo po sila.” “Oh, pakiusap, tatanggapin mo na ba ito ngayon?” Hindi ganu’n. Lumampas na ako diyan . . . ? . . . Nilampasan ko na iyan. Ganito na lang ang sinasabi ko, “Sister Howard, isa ka bang mananampalataya?”

“Oo, ako nga.”

“Sige, Sister Howard, kung isa kang mananampalataya, tagapagmana ka ng lahat ng mayroon ang Diyos.” At kukunin ko lang ang kaniyang kamay. Kita n’yo, naniniwala ako rian. Nahihipo ko si Sister Howard sa pamamagitan ng pagpapatong ko ng aking kamay sa kaniya. Hindi sinabi ni Jesus, “Ipanalangin n’yo sila,” ang sabi Niya, “Ipatong n’yo lang ang inyong kamay sa kanila.” ’Yun na iyon, at gagaling siya. Maaari niyang sabihin, “Aayos na ang lahat,” Sister Howard. At umuwi ka na at ika’y gumaling. Pagpalain ka ng Diyos.

139 Kapatiran ka? Sister Hamdon, isa kang mananampalataya di ba? Tagapagmana ka ng lahat ng mayroon Siya. Sumaiyo nawa ang Diyos, Sister Hamdon. Umuwi ka na at gumaling; pagagalangin ka ni Jesus Cristo. Amen.

Kapatiran ka? Slaugh. Brother Jack . . . Ikaw ang babaeng ipinanalangin namin sa ospital nung isang araw. Kung gayon isa kang mananampalataya, Sister Slaugh, isang tagapagmana ng lahat ng mayroon tayo. Sister Slaugh, matanggap mo nawa kung ano’ng hinihingi mo at ika’y gumaling. Ipagkakaloob ito ng Diyos sa iyo.

Brother Gene, sumasampalataya ka bang pagagalangin ka ng Diyos? Nawa’y ipagkaloob ng Panginoong Diyos sa iyo, Gene, ang ayon sa hinihiling mo . . . ? . . .

Kilala na kita. Tama. Isa kang ebanghelista, sister. Kilala kita. Asawa mo yaong naroroon. Siya ang ipinanalangin ko sa telepono nung araw. Palagi kong maaalala ’yon. Hindi ka makapunta sa pagtitipon sa Tulsa. Dumalo siya

52 Ang bawat isa . . . Ang lupain ay ipinagkaloob at pinaghati-hati sa pamamagitan ng inspirasyon. At bawat isa . . . Maaari kong kunin ang Kasulatan at lubos na ipakita sa inyo na ipinuwesto niya sila sa nakatakda nilang lugar, sa tamang posisyon nila, kung papaanong ang dalawang kalahating tribo ay mananatili sa kabila ng ilog, kung papaanong iniiyak iyon ng kanilang mga ina sa kanilang panganganak, at kung anong magiging lagay ng bawat lugar.

53 At matapos na makapasok ka na, hindi pa rin iyon nangangahulugang libre ka na sa pakikibaka. Kailangan mo pa ring ipakipaglaban ang bawat pulgada ng lupang tinutungtungan mo. Kaya kita n’yo, ang Canaan ay di kumatawan sa dakilang kalangitan, sapagkat mayroon itong pakikibaka at mga kaguluhan at pagpatay at pakikipaglaban, at iba pa. Ngunit ito ang kinakatawan nito: na kainakailangang maging isa itong sakdal na lakad.

54 At diyan nabibigo ang iglesia sa araw na ito: sa lakad na iyan. Alam n’yo ba na maging ang sarili n’yong pag-uugali ay maaaring humadlang sa paggaling ng iba? Ang maling gawi ng di pagkukumpisal ng kasalanan ninyong mga mananampalataya ay maaaring maging dahilan ng mapait na pagkabigo ng iglesia. At sa araw ng paghuhukom mananagot ka sa lahat ng ito. Oh, sasabihin mo, “Ngayon, sandali lang, Brother Branham.” Buweno, iyan ang katotohanan. Pakaisipin n’yo.

55 Si Josue, matapos na makatawid papasok sa lupain, ipinangako sa kaniya ng Diyos na . . . Isipin n’yo na lang, ang humarap sa buong pakikibaka nang di nababawasan ng isa mang tao, nang hindi nagagalusan, nang di nangailangan ng isang nars, o ng first aid or Band-Aid. Ang sabi ng Diyos, “Ang lupain ay sa inyo; humayo kayo’t makibaka.” Isipin n’yo ang isang pakikipaglaban nang walang Red Cross sa paligid; walang masasaktan.

56 At inutas nila ang mga Amorrheo at Hetho, ngunit walang isa mang nasaktan sa kanila hanggang sa makapasok ang kasalanan sa kamento. At nang kunin ni Achan ang balabal na yari sa Babilonia at ang palakol na ginto, at itinago sa kaniyang kampo, kinabukasan ay namatayan sila ng labing anim na kalalakihan. Ang sabi ni Josue, “Huminto tayo. Huminto tayo. Sandali lang; may mali. May bagay na mali dito. Mananawagan tayo ng pitong araw na pag-aayuno. Pinangakuan tayo ng Diyos. Walang maaaring makapanakit sa atin. Ang mga kaaway natin ay babagsak sa ating paanan. May kung anong mali dito. May kung anong namali kung saan, ’pagkat namatayan tayo ng labing anim na kalalakihan. Sila’y mga kapatid na Israelita, at namatay sila.”

57 Bakit sila namatay, mga kalalaking inosente? Sapagkat may isang lalaking nalihis ng lakad. Nakikita n’yo ba ang dahilan kung bakit kailangan itong maituro? Ang paghanay ng iglesia, ang paghanay sa Salita ng Diyos,

paghanay sa Diyos at paghanay sa isa't isa, paglakad nang matuwid, matino, sa harapan ng lahat ng tao, may takot sa Diyos. Dahil may isang lalaking nagnakaw ng isang balabal at gumawa ng isang bagay na hindi dapat gawin, namatay ang labing anim na kalalakihan. Sa wari ko'y labing anim nga iyon, marahil ay higit pa. Sa wari ko'y labing anim na lalaki ang namatay.

58 Nanawagan si Josue, aniya, "May kung anong mali. Nangako ang Diyos, at may bagay na namali."

59 Kapag dinadala natin ang ating mga may sakit sa harapan at hindi sila gumagaling, kinakailangan nating manawagan ng isang taimtim na pagtitipon. May mali kung saan. Nangako ang Diyos. Tiyak na magiging tapat ang Diyos sa Kaniyang pangako, at ito'y tutuparin.

60 At nanawagan siya ng isang pag-aayuno. At kanilang nalaman nang ipagsapalaran nila. Ipinagtapat ito ni Achan. At kinitil nila ang buhay ng pamilya ni Achan, at sinunog ang kanilang abo, at iniwan doon bilang isang alaala. At nagpatuloy si Josue sa mga pakikipagbaka, nagwagi siya sa bawat isa nang walang galos o sugat. Hayan.

61 Isang araw kinailangan niya ng kaunti pang panahon, ng dagdag na oras. Papalubog na ang araw; hindi makalaban nang mahusay ang mga kalalakihan sa gabi. Si Josue, ang dakilang mandirigma na iyon ay nailagay na sa tamang posisyon sa lupain, tulad ng Efeso sa bagong iglesia, nakamit na ang lupain, nakubkob na ito. Kinailangan niya ng ilang oras, kaya sinabi niya, "Araw, tumigil ka." At tumigil siya sa loob ng mga labindalawang oras hanggang sa makubkob niya ang lupain. Kita n'yo?

62 Ngayon, ang Aklat ng Mga Taga Efeso ang naglagay sa atin sa tamang posisyon natin kay Cristo, tulad ng kung ano sila noon sa banal na lupain. Ipinuwesto tayo hindi sa banal na lupain, kundi sa Espiritu Santo. Ngayon, bumasa lang tayo ng Salita, tignan natin kung gaano kasakdal ang iglesia.

Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios,
...

63 O, gusto ko iyan. Ginawa siya ng Diyos na isang apostol. Walang matandang nagpatong ng kamay sa kaniya, walang obispong nagsugo sa kaniya kung saan, ngunit tinawag siya ng Diyos bilang isang apostol.

64 *Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng Dios, sa mga banal . . . (mga pinaging-banal) . . . na nangasa Efeso at sa mga tapat kay Cristo Jesus.*

para sa mga may sakit. Hindi ayon sa aking—dahil wala akong kapangyarihang magpagaling, wala. Ngunit may kapangyarihan akong manalangin. Tulad ng sinabi ko kaninang umaga, walang anumang taglay si David maliban sa isang munting tirador, ngunit ang sabi niya, "Alam ko kung ano'ng magagawa nito pag nilakipan ng kapangyarihan ng Diyos." Kita n'yo? Makapapanalangin lang ako nang kaunti para sa inyo, at mapapatungan ko kayo ng aking mga kamay, ngunit alam kong ang pananampalataya sa Diyos ang gagawa nito. Nagawa ito para sa iba; magagawa ito para sa inyo. Sampalatayanan n'yo iyan habang lumalapit kayo . . . lumapit lang tayo nang kaunti pa.

133 At nais kong gawin ito nang mahusay, kung mahihilingan ko ang aking kapatid na lumapit at pahiran sila ng langis. Maaari mo bang gawin iyon, Brother Neville? Hihilingin ko sa iglesia kung mamarapatin n'yong magsiyuko.

134 Ngayon, alalahanin n'yo, nung nakaraang linggo na nagkasakit ako nang malala dahil sa castor oil, handa kong ibigay ang lahat kung may dadaan lang at magpapatong ng kamay sa akin. Kung mapadadaan ko lang ang sinumang pinagpala at tinulungan ng Diyos, pasasalamatang ko iyon nang husto. Lahat kayo ay ganu'n din ang pakiramdam ngayon. Nais n'yo ngayong may gawin ako para sa inyo kung papaanong nais kong may tumulong sa akin noon. Huwag nawang itulot ng Diyos na umurong ako sa tungkuling ito. Sa tuwina, nawa'y lagi akong handang humayo, maging pagod man ako, o nahahapo, na di ko na halos maihikbang ang aking mga paa, sapagkat makatatagpo ko uli kayong lahat sa lupaing iyon.

135 At kayong mga matatandang babae, mga nakatatandang kalalakihan, hukot na, puti na ang buhok at naglulugas, nagkakapira-piraso na tulad ng isang rosas na namukadkad, tapos ay nalalagas na ang mga talulot, sadyang nagkakapira-piraso na kayo, hindi ba? Tama. Sadyang . . . At ang tanging dahilan kaya nais n'yong manatiling buo ay ang upang magliwanag kayo para sa kaluwalhatian ng Diyos. Kaya't kapag sinunggaban kayo ng kaaway at kayo'y itinakbo sa labas, darating ako na may dalang tirador ng Diyos, kalakip ang pananampalataya, taglay ang isang kaloob na ibinigay sa akin ng Diyos. Heto ang sinabi ko, upang maunawaan n'yo. Ang sabi ko, "Kung si makapaparito lang sana si Pedro, o kung sinuman sa kanila . . ." Huwag n'yong sabihin iyan. Hindi n'yo kailangang ipanalangin ako. Pumasok lang kayo nang ganito, at magsabi, tulad sa babaeng ito, sabihin n'yo, "Ikaw ba si Sister Ganito-at-Ganiyan?" Ano'ng pangalan mo? Sister Howard. Sabihin natin, "Ika'y si Sister Howard. Mananampalataya ka ba Sister Howard? Sumasampalataya ka, isa ka bang mananampalataya? Kung gayon, nakikita

pangunahan kayo ng Espiritu Santo. Basahin n'yo ang Biblia. At anumang sinasabi ng Biblia ay tuparin n'yo, gawin n'yo. Pagpalain kayo ng Diyos.

129 At ngayon, naghintay ako nang matagal. Iniisip ko kung mayroon ditong nais na pumila para maipanalangin. Kung mayroon, maaari bang itaas nila ang kanilang mga kamay? Isa lang, dalawa, tatlo. Sige. Kayong lahat ay lumapit dito at tumayo rito kung mamarapatin n'yo sa sandaling ito, at mananalangin tayo. At pagkatapos ay ating . . . Ayaw ko munang umalis kayo. Nais kong opisyal na gumawa ng isa pang bagay dito bago tayo magtapos.

130 Ilan ba ang may gusto ng pag-aaral sa Aklat ng Mga Taga Galacia? Oh, ang ibig kong sabihin ay Mga Taga Efeso? Ngayon, sa Miyerkules ng gabi tutungo tayo sa Tatak. At sa susunod na Linggo ng umaga tatalakayin natin ang paglalagay sa iglesia sa tamang posisyon nito. Oh, kung . . . Marahil ay matatalakay natin iyan sa darating na Miyerkules ng gabi, sa inyong mga taga Jeff: ang paglalagay sa iglesia kung saan sila nabibilang, ang bawat isa, kung papaano tayo'y tinawag sa pamamagitan ng pag-aampon. Inampon tayo ng Diyos patungo sa pagiging mga anak na lalaki; mga anak tayo sa pamamagitan ng kapanganakan, inampon at ipinusisyon ng Espiritu Santo. Tignan n'yo. Ang bawat isa sa kanila ay Hebreo, nang makatawid sila sa ilog, ngunit pinaghati-hati ni Josue ang lupain at ibinigay sa bawat isa sa kanila ayon sa binigkas ng kaniyang ina sa kaniyang kapanganakan, kung saan sinabi sa kaniya ng Espiritu Santo.

131 At tignan n'yo si Jacob nang siya ay mamamatay na, isang popeta, bulag na, itinaas niya ang kaniyang mga paa sa highaan, at nagsabi, "Pumarito kayo mga anak ni Jacob at sasabihin ko sa inyo kung mapapasaan kayo sa huling araw." Oh, oh, marahil ay magmukhang kakatuwa ako. Maaaring magmukhang kakatuwa ang mga tao. Ngunit, oh, kung alam n'yo lang ang katiyakan, na nag-aalab sa aking puso. "Magsilapit kayo at sasabihin ko sa inyo kung saan kayo maparoroon sa huling mga araw." At maaari kong kunin ang Kasulatang iyon, at kunin ang mapa kung saan naroroon ang mga Judio sa araw na ito at patunayan sa inyo na sila ay nasa eksaktong lugar na sinabi ni Jacob na paroroonan nila sa huling araw. At di pa sila kailan man naparoon; naparoon lang sila sa lugar na iyon nang magbalik sila nung Mayo 7, 1946, nung gabing nagpakita sa akin ang Anghel ng Panginoon at inihayag ang misyong ito. Maipakikita ko sa inyo na nang magbalik sila sa bagong lupain, natumbok nila nang husto ang lugar na sinabi ni Jacob na karoroonan nila. At nakapuwesto sila ngayon do'n sa araw na ito. Oh, naku, naku. Mas malapit na naman tayo ng isang araw sa ating tahanan, 'yun lang.

132 Mga minamahal, may sakit kayo, kung hindi'y di kayo tatayo rito para lang tumayo. Kapatid n'yo ako. May atas ako mula sa Diyos na manalangin

65 Ngayon, kung gusto n'yong malaman kung papaano tayo makapapasok kay Cristo Jesus, mangyaring buklatin n'yo sa I Mga Taga Corinto 12, ang sabi, "Sapagkat sa isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan." Papaano? Binautismuhan ng ano? Ng Espiritu Santo. Hindi sa pamamagitan ng bautismo sa tubig, kayong mga taga church of Christ, kundi sa pamamagitan ng isang *capital S-p-i-r-i-t*, sa pamamagitan ng isang Espiritu. Hindi sa pamamagitan ng isang pakikipagkamay, ng isang liham, hindi sa pamamagitan ng isang wisik, kundi sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayo sa isang Katawan, ang ating pag-aari, ang lupaing ibinigay sa atin ng Diyos upang ating panahanan, ang Espiritu Santo. Kung papaanong ibinigay Niya ang Canaan sa mga Judio, ibinigay Niya sa atin ang Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay nabautismuhan tayo isang Katawan. Nakuha n'yo ba?

66 Ngayon, nangungusap siya sa espirituwal na mga taga Canaan, ang Israel, ang espirituwal na Israel na nakakubkob na sa lupain. Oh, di ba kayo nagagalak na nakaalis na kayo sa bawang ng Egipto? Di ba kayo nagagalak na wala na kayo sa ilang? At alalahanin, kinailangan nilang kumain ng mana, ng pagkain ng Anghel mula sa langit, hanggang makatawid sila sa lupain. At nang makatawid na sila sa lupain, and mana ay tumigil sa paglagpak. Lubos na silang gumulang noon, at kumain sila ng magulang na mais ng lupain. Ngayon kayo ay hindi na mga sanggol, kayo'y hindi na nagnanasa ng gatas na walang daya ng Ebanghelyo, hindi na kailangang tratuhin tulad sa mga sanggol, at tapik-tapikin, at hikayating magsimba, at kayo'y lubos nang mga gumulang na Cristiano, handa na kayong kumain ng matitigas na karne. Handa na kayong pumasok sa isang bagay: ang sabi niya. Handa na kayong makaunawa ng isang bagay na malalim at mayaman. Ay, buweno tuwiran na natin itong tatalakayin. At, oh, ito'y naikubli bago pa itatag ang sanlibutan.

Ang sabi niya, "Ngayon, na nakapasok na kayo dito, pinatutungkol ko ito sa inyo," hindi sa mga lumabas lang ng Egipto, hindi sa mga naglalakbay pa rin, kundi sa mga nasa lupang pangako na, at nakatanggap ng pangako.

67 Ilan na ba ang nakatanggap ng pangako ng Espiritu Santo? Oh, hindi ba kayo nagagalak na narito na kayo ngayon sa lupain, kumakain ng magulang na mais, kumakain ng matitigas na bagay ng Diyos, at mayroong malinaw na pagkaunawa. Ang kaisipan n'yo ay lubos na napaglinaw. Ganap n'yo na Siyang kilala. Ganap n'yo nang alam kung ano Siya. Ganap n'yo nang nalalaman kung saan kayo tutungo. Alam n'yo na ang lahat ng tungkol Dito. Kilala n'yo kung Sinong sinampalatayanan n'yo at lubos kayong naniniwalang makapag-iingat Siya ng inyong pinagkatiwala sa Kaniya sa araw na yaon. Oh,

iyon 'yun; iyon ang kinakausap ni Pablo. Makinig kayo nang husto. Ngayon, masdan n'yo . . .

. . . *mga tapat kay Cristo Jesus:*

68 Ngayon, ipapaulit ko iyan sa iglesia. Papaano tayo napapa kay Cristo? Sa pamamagitan ng pagsapi sa simbahan? Hindi. Sa pamamagitan ng paglalagay ng ating pangalan sa aklat? Hindi. Sa pamamagitan ng bautismong inilulubog? Hindi. Papaano tayo napapa kay Cristo? Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayo ay nababautismuhan sa isang pangako, sa Katawan, at nakikibahagi sa lahat ng pag-aari ng lupain. Amen. Oh, gusto ko iyon. Kung hindi lang ako paos, maaari akong sumigaw. Naku, pagpasok ko sa lupaing ito, ito'y akin na. Ako'y nasa tahanan ko na; nasa Canaan na ako. Sakop na ako ng anumang nais na paggamitan sa akin ng Diyos. Lumalakad ako sa banal na dako, isang anak ng Hari, nararamtan at handa na. Nakalabas na ako sa Egipto, nakarating na sa lupang pangako, nagtiis ng mga pagsubok, tumawid sa Jordan patungo dito sa pinagpalang pangako. Oh, papaano ko ito nakuha? Sa pamamagitan ng isang Espiritu, tulad ng pagkakuha Dito ni Pablo, kumilos ako ng tulad ng nangyari sa kaniya, tulad din naman ng sa inyo. Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan, hindi lamang winisikan nang kaunti, naging napakaganda ng pakiramdam, kundi nailubog: pinalangoy tayong lahat sa Espiritu Santo. Iyan ang pangako.

69 Ang ating Efeso, ang ating Josue, na walang iba kundi ang Espiritu Santo . . .” Ang “Josue” ay nangangahulugan ng “Jesus, Tagapagligtas.” Ang ibig sabihin ng Josue ay ang Espiritu Santo na kumakatawan sa espirituwal samantalang iyon naman ay sa natural, na Siya ang ating dakilang Mandirigma. Siya ang ating dakilang Pinuno. Kung papaanong ang Diyos ay suma kay Josue, ang Diyos din naman ay nasa Espiritu Santo, na gumagabay sa atin. At kapag pumapasok ang kasalanan sa kampamento, humihingi ang Espiritu Santo ng paghinto, “Ano'ng mali sa iglesiang ito? May kung anong mali.” Oh, nakikita n'yo ba kung papaanong napakarami nating mga anak ni Cis ngayon, napakaraming mga Saul na galing sa seminaryo at mga iskuwelahan ng teolohiya at nagsisihayo at nagtuturo ng mga baluktot na bagay, tulad ng sinabi ng Biblia na gagawin nila, na tila di nagtataglay ng pananampalataya, na humihiwalay sa inyo, sa mga gayon ay magsilayo kayo.” Hindi nila alam kung saan sila nanggaling; hindi sila makapagdahilan.

70 Sasabihin ko ito mula kay Brother Booth-Clibborn, isang kaibigan ko, kung may isang bagay na ilehitimo at di gawa ng Diyos, kung mayroon man sa mundo, ito'y ang isang mola. Ang isang mola ay di maaaring palahian sa kapuwa mola upang manganak ng mola. Hanggang do'n na lang siya. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang kaniyang tatay, o ang kaniyang nanay;

Ang sabi niya, “Iyon ang matandang simbulong Hebreo: ang Diyos, isang Diyos sa tatlong katangian.”

Ang sabi ko, “Tulad ng Ama, Anak, at Espiritu Santo?”

123 Huminto siya, at inilapag niya ang kaniyang kape; tinignan niya ako. Gene, wari ko'y naroroon ka, Leo.

Ang sabi niya, “Naniniwala ka ro'n”

Ang sabi ko, “Nang buong puso ko.”

124 Ang sabi niya, “Kagabi, nakatayo ako sa iyong gawain, Brother Branham, nakita ko ang discernment na iyon. Hindi ko pa ito nakita dati sa America, o sa aming bayan.” Ang sabi niya, “Ni hindi alam ng mga Amerikano ang Biblia. Ang tanging alam nila ay ang kanilang denominasyon. Ni hindi nila alam kung saan sila nakatayo.” Ang sabi pa, “Wala silang alam na anuman.” Ang sabi niya, “Ngunit nung nakatayo ako roon kagabi,” ang sabi ko—ang sabi ko . . . Ngayon, Brother Gene, sinasabi ko ito nang may paggalang at pag-ibig at nang gayon; aniya, “Sinabi ko, ‘Malamang propeta 'yon. Ngunit nang makita kong naniniwala ka na ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay hindi tatlong diyos, kundi mga katangian, nang magkagayo'y alam ko nang isa ka ngang propeta ng Diyos, o hindi ito maihahayag sa iyo nang gayon.” Ang sabi niya, “Isa iyong sakdal na tanda.” Aniya, “Hindi ko . . .” Ang sabi niya, “Hindi ka Oneness?”

125 Ang sabi ko, “Hindi po. Hindi ako Oneness. Naniniwala ako sa Diyos bilang ang Makapangyarihan sa lahat na Diyos, at ang tatlong katangian ay tatlong mga opisina na pinanahanan ng iisang Diyos na iyon.”

126 Ang sabi niya, “Pagpalain ng Diyos ang iyong puso.” Aniya, “Isang araw ibububo mo ang iyong dugo dahil diyan,” ngunit ang sabi pa niya, “dati pa namang namamatay ang mga propeta dahil sa kanilang layunin.”

127 At ang sabi ko, “Mangyari nawa ito, kung ikalulugod ng Panginoon.” Ang salin ng Lamsa Bible . . .

128 Oh, napakatotoo nito. Gaano karaming ulit kong sinabi sa iglesiang ito, tulad ng sinabi ni Samuel bago nila piliin si Saul, “Bago kayo lumabas at sumali sa kung anong denominasyon, at magpatali sa kung anong uri ng relihiyon, bakit di n'yo na lang hayaang pangunahan kayo ng Espiritu Santo?” Bakit di n'yo tanggapin ang Diyos bilang Pinuno niyo. Hayaan n'yong pagpalain kayo ng Diyos, at kalimutan na ninyo ang inyong denominasyon. Ngayon, hindi ko sinasabing huwag kayong sumapi sa alin mang denominasyon ng iglesia; sumapi kayo sa alin mang nais n'yo. Nasa sa inyo 'yan. Ngunit sinasabi ko sa inyo, bilang isang indibiduwal, hayaan n'yong

119 Tumayo ako roon nang may mga limang daang kataong nakatayo sa dalampasigan na umaawit,

On Jordan's stormy banks I stand,
And cast a wishful eye,
To Canaan's fair and happy land,
Where my possessions lie.
When shall I reach that healthful shore
And be forever blest,
When shall I reach and be in my Father's...
And forever rest...

Nang simulan nilang awitin iyon, inilulusong ko ang isang batang lalaki sa ilog upang bautismuhan siya sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Ang sabi ko, “Makalangit na Ama, habang dinadala ko ang batang lalaking ito sa Iyo batay sa kaniyang pagpapahayag . . .” Bata pa lang rin ako noon, may mga litrato ako no’n sa bahay. Ang sabi ko, “Sa pagbabautismo ko sa kaniya sa tubig, Panginoon, batay sa kaniyang pagpapahayag, sa Ngalan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos, puspusin Mo po siya ng Espiritu Santo.” At sa sandaling iyon may Isang Bagay na nagpaikot-ikot, at umikot nang pabulusok, ang Maliwanag na Tala sa Umaga ay tumayo roon. Tumayo roon ang Liwanag na nakikita n’yo rito sa litratong ito. Tumayo Ito roon.

120 Umikot ito sa buong mundo, sa Canada at sa palibot. Ang sabi nila, “Isang mahiwagang Liwanag ang lumitaw sa ulunan ng isang lokal na ministrong Baptist habang nagbabautismo.”

121 Ilang araw pa lang ang nakalilipas nang lumapit sa akin si Doctor Lamsa, at wala siyang alam tungkol doon, at dinalhan ako ng litrato, at ito’y nasa ating kapatid ngayon . . . Nasa iyo ba ang litrato? Nasa iyo ba ang Biblia, na nakalapag doon; nasa iyong libro? Tama. Mayroon doong isang litrato ng lumang Hebreong simbulo ng Diyos, tulad na tulad ng naroon sa panahon ni Job, bago pa maisulat ang Biblia. Ang Diyos sa Kaniyang tatlong katangian, hindi tatlong diyos; isang Diyos sa tatlong mga katangian, Ama, Anak, Espiritu Santo, tatlong mga opisina na kinilusan ng Diyos. Hindi tatlong diyos, tatlong mga katangian. At hayun iyon.

122 Sinabi ko sa dakilang lalaking si Doctor Lamsa, ang nagsalin ng Lamsa Bible, nang sabihin niya iyon nung umagang iyon, ika ko, “Ano ang simbolong iyon?”

sapagkat isa siyang munting asno at kabayo. Hindi iyon ginawa ng Diyos. Huwag n’yong iparatang ang ganiyan sa Diyos. Hindi gumawa ang Diyos ng ganiyan. Ang sabi ng Diyos, “Ang lahat ay magbubunga ng ayon sa uri nito.” Opo. Ngunit ang isang mola ay isang . . . Ang tatay niya ay isang asno at ang nanay niya ay isang kabayo, kaya’t di niya alam kung saan siya nabibilang. Isa siyang kabayo na nagsusubok na maging asno, o asno na nagsusubok na maging kabayo; hindi niya alam kung saan ba siya nabibilang. At siya ang pinakamatigas ang ulo sa buong mundo. Hindi mo siya maaaring pagkatiwalaan kaunti man.

71 At ganiyan ang maraming tao sa iglesia. Hindi nila alam kung sino ang kanilang tatay; hindi nila kilala kung sino ang kanilang nanay. Ang alam lang nila: kundi sila Presbyterian, Metodista sila, Baptist, o Pentecostal, o iba pa. Hindi nila alam kung saan sila nagmula. At maaari mong sigawan ang isang asno hangga’t gusto mo, at siya ay tatayo lang at patitindigin ang malalaki niyang tainga at titingin sa iyo. Maaari mo siyang pangaralan nang buong magdamag, at wala siyang kaunti mang dagdag na matututunan sa kaniyang pag-alis sa taglay niya nang siya’y pumasok. Ngayon, tama nga iyan. Hindi ko sinasadyang maging magaspang, ngunit nais kong sabihin sa inyo ang katotohanan.

72 Ngunit may isang bagay silang kayang gawin; mga mahuhusay silang manggagawa. Oh, sadyang gawa sila nang gawa, nang gawa, nang gawa. Naaalala ko riyan ang mga Arminian na palaging nagsisikap na pumasok sa langit sa pamamagitan ng mga gawa. At sila’y . . . Ano’ng dahilan ng kanilang paggawa?

73 Tanungin mo sila, “Natanggap n’yo na ba ang Espiritu Santo mula nang kayo’y sumampalataya?”

74 Pinatitindig nila ang kanilang mga tainga, at hindi nila alam kung saan sila kabilang; “Ano’ng ibig mong sabihin? Ano’ng tungkol dito? Ano’ng ibig mong sabihin na Espiritu Santo? Hindi ko pa narinig ang tungkol Dito kailanman. Oh, malamang ay isa kang panatiko.” Kita n’yo, hindi nila kilala kung sino ang tatay nila, o kung sino ang nanay nila. At kailangan mo pang hampasin sila sa lahat ng gagawin mo, hampasin dito at hampasin diyan, at hampasin dito at hampasin diyan. Tama, ganiyan ang isang mola.

75 Ngunit sinasabi ko sa inyo, hindi n’yo kailangang gawin iyan sa isang kabayong tunay na puro ang lahi. Minsan mo lang siyang haplitin ng latigo, kapatid, nakatakbo na siya ka’gad. Alam niya kung ano’ng ginagawa niya. Oh, napakainam na sakyan ang isang purong kabayo. Napakaganda. Sabihin mo lang, “Halika na.” Aba’y, (Kita n’yo?); mabuti pa humawak ka na nang mahigpit; maiiwan niya ang upuan sa ere.

76 Ganiyan din ang mga purong Cristiano. Alleluia. “Tanggapin n’yo ang Espiritu Santo. Magsisi kayo at magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan.” Nakatakbo na; simbilis ng kaya nilang gawin patungo sa tubig, tumakbo na sila. Hindi sila matatahimik araw at gabi hanggang sa matanggap nila ang Espiritu Santo. Bakit? Alam n’yo, kilala ng isang Cristiano kung sino ang tatay niya. Kita n’yo, kailangan ng dalawa upang makabuo ng isang kapanganakan (Tama): tatay at nanay. Hindi alam ng mola kung sino si tatay, kung sino si nanay. Ngunit alam natin kung Sino si Tatay at Nanay, sapagkat ipinanganak tayo ng isinulat na Salita ng Diyos, pinagtibay ng Espiritu. Ang sabi ni Pedro sa araw ng Pentecostes, “Kung magsisisi at magpapabautismo ang bawat isa sa inyo, sa Ngalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan, tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.”

77 At kapatid, ang isang tunay na isinilang na muling Cristiano (Ay, naku.), ang kaniyang espiritu . . . Pagkatanggap na pagkatanggap niya ng Salita, tatanggapin niya ang Espiritu Santo. Tanungin mo na siya ng kung anuman kapag nagkagayon. Alam niya kung saan siya nakatayo. “Naniniwala ka ba sa Makadiyos na pagpapagaling?”

“Amen.”

“Naniniwala ka ba sa Ikalawang pagbabalik?”

“Amen.”

78 Itanong mo ’yan sa mola. Ang relihiyong mola, “Ah, hindi ko alam. Ang sabi ni Doctor Jones minsan . . .” Oh, hindi nila alam. Buweno, sinasabi ko sa inyo, hindi tiyak ang simbahan namin tungkol Dito.”

79 Oh, kapatid, ang isang isinilang na muling lalaki at babae ay sintiyak ng pagdating ng Panginoong Jesus; kung papaanong mayroong Espiritu Santong ipagkakaloob, ganu’n sila katiyak na mayroon silang Espiritu Santo.

80 Ngayon, ang sabi ni Jesus . . . Ang babae sa balon, “Sa bundok kami sumasamba, at ang mga Judio ay sa Jerusalem.”

81 Ang sabi Niya, “Babae, dinggin Mo ang Aking mga Salita. Ang oras ay dumarating, at ngayon na nga, kung kailan ay hahanapin ng Ama ang mga sasamba sa Kaniya sa Espiritu at Katotohanan.”

82 “Ang Salita Mo ay Katotohanan.” At bawat taong magbabasa ng Biblia at mananampalataya sa bawat Salita na sinasabi ng Biblia, at sususnod sa mga turo Nito, ay tatanggap din ng Espiritu Santong tinanggap nila, sa kaparehong paraan ng pagkatanggap nila, na may kaparehong mga resulta tulad ng Ito’y tanggapin nila, kaparehong kapangyarihan na nakuha nila nang Ito’y

114 At, oh, sinasabi ko as inyo, may mga taong takot na tumanggap ng Espiritu Santo, nangangambang baka magsalita sila ng iba’t ibang wika. Nangangamba silang baka may magsabi, “Hala, isa na siya sa mga nagsasalita ng iba’t ibang wika.” Natatakot silang magsimba upang magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo, sapagkat ikinahihiya nila. A-ha.

115 May nagsabing kakailanganin kong bawiin ang aking mga tape, sapagkat nangaral daw ako ng pagpapabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo. Hindi ko babawiin ang mga iyon. Gagawa pa ako ng mas marami. Tama. Iyan ang . . . Gagawa pa ako nag mas marami . . . Iyan ang Biblia. Kung hindi nila gusto ang ginawa natin kahapon, masdan n’yo kung ano’ng gagawin natin bukas. Iyan ang dapat gawin, ang magpatuloy lamang. Wala itong katapusan, dahil ito ay sa Panginoon. Ang Diyos ito.

116 Alam n’yo kung anong ginawa ng Diyos? Tumingin ang Diyos mula sa langit; ang sabi Niya, “David, ikaw ay isang lalaking ayon sa Aking Sariling puso.” Hindi nahiya si David. Isa siyang lingkod ng Panginoon. Mahal niya ang Panginoon. At napakasaya Niya, labis ang kagalakan niya, hanggang sa hindi na niya inalintana ang makataong reputasyon.

117 Nakikita n’yo ba, tulad ng sinabi ko sa sermon ko kaninang umaga, masyado tayong natatakot, na gusto nating isang Saul ang magturo sa atin. Nais natin ang isang Saul na galing sa kung saang seminaryo na magsasabi sa atin kung papaanong gampanan ang ating relihiyon at kung papaano ito dapat isagawa. Sa kabilang ibayo ito ng Jordan. Sa bandang ito, ang Espiritu Santo ang nangunguna. Dito nakalabas ka na sa basurang iyon. Dito di na mahalaga sa iyo kung ano’ng iniisip nila. Dito patay ka na, at ang iyong buhay ay nakakubli na kay Cristo sa pamamagitan ng—at selyado na ng Espiritu Santo. Hindi ka nag-aalala. Ika’y nabubuhay na sa Canaan. Kaya mo nang kumain ng masarap na mais. Isa ka nang bagong nilikha kay Cristo Jesus. Papunta ka na sa lupang pangako.

118 Naaalala ko nang tumayo ako roon, Brother Collins, mga tatlong taon na ang nakalilipas, nang hindi pa naitatayo ang simbhang ito, isa pa lang itong maliit na pagtitipon sa tolda na nasa kanto, ang una kong pagtitipong idinaos. Ito ring Ebanghelyong ito ang aking ipinangangaral, siya rin, ang di malirip na mga kayamanan ni Cristo, ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang pagsampalataya sa bawat Salita bilang katotohanan, ang bautismo sa Espiritu Santo, ang Makadiyos na pagpapagaling, ang mga kapangyarihan ng Diyos, tulad din ng ipinangangaral ko ngayon, hindi ako nag-iba kaunti man Dito. Higit pang naghayag sa akin ang Diyos tungkol Dito, kaya habang inihahayag Niya, patuloy ko lang na inihahatid. Hindi Siya nagbabawas sa dati nang nariyan; patuloy lang Siyang nagdadagdag.

kung ano'ng gagawin n'yo, ipinusisyon na Niya kayo sa Kaniyang Sariling Katawan, upang maging ina ng tahanan, upang maging magsasaka, upang maging mangangaral, upang maging propeta, upang maging ganito, o maging ganiyan. Inilagay na Niya kayo sa inyong tamang posisyon. At nang makalabas tayo sa lupain ng bawang ng Egipto, dumaan tayo sa pagpapakabanal at nabautismuhan papasok sa lupang ipinangako . . . Sapagkat ang pangako ng Diyos ay ang Espiritu Santo. Ang sabi ng Efeso 4:30, "Huwag n'yong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan nito ay tinatakan kayo hanggang sa araw ng inyong katubusan." At nang maitalaga na ng Diyos ang iglesia, sinabi Niya, "At sa lahat ng mga tao, milyong-milyon ang magpapakarelihiyoso at madadaya." Ang tanging hindi madadaya ay ang mga nakatawid na sa lupang pangako, na ang mga pangalan ay nailagay na sa Aklat ng Buhay ng Kordero, at nakapasok na sa lupang pangako, at nagsasaya dito.

111 Maraming tao ang nangangambang baka kumilos ka nang kakatuwa. Maraming tao ang nangangambang baka pagawin ka ng Espiritu Santo ng isang bagay na ikahihiya mo sa mga tao. Maraming tao ang nangangamba na baka sila ay umiyak, at makita sila ng kanilang mga asawa na umiiyak, o ng kanilang nanay, o ng kapitbahay, o ng kanilang amo.

112 Ikukuwento ko sa inyo ang tungkol sa isang lalaki minsan, bago ako magtapos. May isang lalaking nagnangalang David, at nang manggaling ang arka ng Diyos sa lupain ng Filisteo, at ito ay dumating na dala-dala ng isang karo, hatak-hatak ng isang baka, nang makita ni David na dumarating ito, nakabalabal siya, lumabas siya, pinadyak niya ang mga paa niya sa ere, nagtatatalon siya, at sumigaw at lumundag, at nagsayaw at tumalon at sumayaw, at siya ang hari ng Israel. At dumungaw ang kaniyang asawa sa bintana at nakita siyang umaasta nang napakakakatuwa, siya'y kinasuklaman niya. Aba, malamang ay sinabi niya, "Ang hangal, tignan mo kung papaano siya umasta roon, ibinubuka ang kaniyang mga paa sa ere, at palundag-lundag nang ganiyan, aba, malamang ay nababaliw na siya." At nang gabing iyon nang umuwi siya, sinabihan siya nang ganito, "Aba, hiniya mo ako. Bakit, ikaw na hari, na asawa ko, ay gumagawa ng ganu'n sa labas, umaasta ng ganu'n."

113 Ang sabi ni David, "Bukas mas huhusayan ko pa kaysa du'n. Siya nga po." Aniya, "Hindi mo ba alam na ako ay sumasayaw sa Panginoon?" Nakatawid na siya. Nasa lupang pangako na siya. Naalis na sa kaniya ang lahat ng kaniyang pagpapanggap at basura ng sanlibutan. Lubos siyang nagalak na ang arka ay papasok sa kaniyang lungsod.

tanggapin nila, alam niya kung Sinong Tatay at Nanay niya. Alam niyang nahugasan siya sa Dugo ni Jesus Cristo, isinilang ng Espiritu, puspos ng pahid ng Diyos. Alam niya kung saan siya nakatayo. Tiyak. Siya'y nasa Canaan na. Alam niya kung saan siya nanggaling. At ganiyan din ang isang tunay na Cristiano. Tanungin mo siya, "Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo mula nang sumampalataya ka?"

"Amen, brother."

83 Nakatayo ako nung isang araw sa tabi ng isang matandang santo, nobenta y dos anyos, kausap ko ang kaniyang otsenta anyos na pastor, ang sabi ko, "Lola?"

Buong sigla siyang sumagot, "Ano 'yon, anak ko."

Ang sabi ko, "Gaano katagal na ba mula ng matanggap mo ang Espiritu Santo?"

84 Ang sabi niya, "Luwalhati sa Diyos. Mga animnapung taon nang nakararaan nang matanggap ko Iyon."

85 Ngayon, kung isa siyang mola, ang sasabihin niya, "Sandali muna. Kinumpilan ako at winisikan nung ako ay . . . Buweno, siyempre, dinala nila ako sa simbahan, at dinala ko ang sulat ko sa ganito." Oh, kahabag-habag. Ni hindi nila alam kung saan sila nabibilang.

86 Ngunit siya, alam niya kung saan nanggaling ang kaniyang pagkapanganay. Naroon siya nang iyon ay mangyari. Isinilang siya ng tubig at ng Espiritu. Alam niya, at ang tubig sa pamamagitan ng paglilinis ng tubig na may Salita, ay nangangailangan ng Salita.

87 Ngayon, masdan n'yo kung papaano ito sinabi, "Sa mga na kay Cristo Jesus." Si Pablo, alalahanin n'yo ngayon . . . Nagtatagal ako, ngunit hindi ko matatapos ang kabanatang ito. Ngunit bibilisan ko . . . Gusto n'yo ba? Oh, sinasabi nito kung nasaan na tayo, ngunit hindi natin ito kaya ng isang gabi lamang. Kailangan natin ng isa o dalawang buwang ganito, bawat gabi, dadaanan natin ang kabuuan Nito, ang bawat Salita. Babalikan at ibabangon natin Ito sa mga kasaysayan at ilalatag natin nang Salita sa Salita, at ipakikita nating Ito ang Katotohanan.

Ngayon, hayaan n'yong basahin kong muli ang talatang iyan nang mabilis.

Si Pablo, na apostol ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng kalooban ng Dios . . . (hindi ng kalooban ng tao), . . . sa mga tapat kay Cristo Jesus, at . . . (pangugnay) . . . sa mga tapat kay Cristo Jesus:

88 Ang ibig sabihin ay natawag na sila palabas, hiniwalay, at ngayon ay nabautismuhan na ng Espiritu Santo, at mga na kay Cristo Jesus na. “Pinatutugkol ko ang sulat kong ito sa inyo, mga minamahal ko.” Oh, sa palagay ko’y naroon na si Pablo sa piling nila ngayon, oh, napakasaya. Pinugutan doon ng ulo ang apostol na iyon. Napuntahan ko ang lugar na pinugutan ng ulo niya. Ngunit, oh, ang ulo niya ay naroon na sa bagong katawan, at hindi na muli pang mapupugot. At nakatayo na siya roon kasama nila sa sandaling ito, ang apostol na sumulat nito. At ang sabi, “Sa inyo na na kay Cristo Jesus, sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayong lahat sa isang Katawan.”

Ngayon, masdan n’yo.

Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama, at . . . sa Panginoong Jesuscristo.

Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesuscristo, na siyang nagpala sa atin ng bawat . . . (Oh, narinig mo ba iyon, Charlie?) . . . nagpala sa atin ng bawat pagpapalang ukol sa espiritu . . .

89 Hindi lang ilan sa mga apostol, at ilan sa ganito, ngunit pinagpala Niya tayo ng bawat pagpapalang ukol sa espiritu. Ang Espiritu Santong lumagpak sa araw ng Pentecostes ay siya ring Espiritu Santong naririto ngayong gabi. Ang Espiritu Santong nagpasigaw kay Maria at nagpasalita sa kaniya ng iba’t ibang wika, at nagpasaya sa kaniya nang husto, at nagpagalak, at iba pang mga bagay na ginawa niya, ay siya ring Espiritu Santong naririto ngayong gabi. Ang Espiritu Santong nagpasakay kay Pablo sa lumang barkong iyon, na muntik nang mapuno ng tubig at lumubog, sa loob ng labing apat na araw at gabi, nang walang buwan o mga butuin, tumingin siya sa labas at bawat alon ay may nakasakay na demonio, sumusulyap at pinakikislap ang kaniyang mga ngipin, at nagsabing, “Palulubugin ko ang barkong iyan ngayon. Nasa akin na kayo ngayon.”

90 At sa pagbaba ni Pablo upang manalangin, may tumayo doong Anghel na nagsabi, “Huwag kang matakot, Pablo . . . ? . . . Ang lumang barkong ito ay sasadsad sa iang isla. Humayo ka’t kumain ng iyong hapunan; mabuti ang lahat ngayon.”

91 Heto siya’t dumarating na nakatanikala ang mumunting mga braso, kinakaladkad ang mga kadena sa kaniyang mga paa, at aniya, “Huwag kayong matakot, mga tao, sapagkat ang Diyos, ang Anghel ng Diyos, na pinaglilingkuran ko, ay tumayo sa aking tabi at nagsabi, ‘Pablo, huwag kang mangamba.’” Ang Espiritu Santong iyon ay naririto rin ngayong gabi, iisang

107 Ngayon, magbasa lang tayo nang kaunti pa, at kakailanganin nating magtapos sa madaling panahon.

Ayon sa pagkapili Niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo’y maging banal . . . walang dungis sa harapan niya sa pag-ibig:

Na tayo’y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesuscristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban,

Ano’ng ginawa Niya? Nakita na Niya tayo bago pa man, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, alam na Niyang isa Siyang Tagapagligtas, nabubuhay na mag-isa, walang iba maliban sa Kaniya. Ngunit sa loob Niya ay may Tagapagligtas na noon. Buweno, ano’ng ililigtas Niya? Wala pang naliligaw noon. Mangyari kasi alam Niya na ang dakilang katangiang ito na nasa Kaniya ay maipapamalas upang Siya ay makapagligtas. At nang mangyari iyon, sa pamamagitan ng paunang kaalaman tumingin Siya sa panahon at nakita Niya ang bawat isang tatanggap Dito. At nang mangyari iyon, sinabi Niya, “Upang maligtas ang mga iyon, ang tanging paraan upang magawa ko iyon, ay ang bumaba Ako Mismo at maging laman at akuin ang ang kasalanan ng tao, at mamatay para sa kaniya, upang Ako ang sambahin,” sapagkat Siya ay Diyos, ang pinatutungkulan ng pagsamba.

109 At nanaog Siya at inako Niya ito sa Kaniyang Sarili. At nang gawin Niya iyon, ito’y upang maligtas Niya kayo na nagnanasang maligtas. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Sa pamamagitan ng paunang kaalaman, nakita ng walang hanggang Diyos na nakaalam ng lahat ng bagay ang Kordero, at pinaslang na Niya ang Kordero bago pa itinatag ang sanlibutan, at inilagay na Niya ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero. At nakita Niya ang katusuhan ni Satanas, kung ano’ng gagawin niya. Kaya’t inilagay na Niya roon ang iyong pangalan. At sinabi Niya na ang anticristo ay magiging relihiyoso, napakahusay, napakainam na nilalang, napakarunong na lalaki, napakarelihiyosong tao, na kung maaari lang dadayain niya ang pinaka hinirang. Ngunit hindi ito maaari . . . imposible, sapagkat ang kanilang mga pangalan ay itinalaga na bago pa itinatag ang sanlibutan. Sa pamamagitan ng paghirang ay pinili Niya sila, at sa pamamagitan ng predestinasyon alam na Niya kung saan sila magtutungo. Hayan na nga.

110 Ngayon, sino’ng magdududa riyan? Iyan ang sinabi ni Pablo. Iyan ang Sulat ni Pablo. Iyan ay isinulat ni Pablo. Iyan ang itinuro niya sa kaniyang iglesia. Ang iglesia, sa tamang posisyon nito, bago pa itatag ang sanlibutan, nung iniluluwal kayo ng Diyos sa hilab ng panganganak, nalalaman na Niya

Sige, Apocalipsis 13:8, hayaan n'yong basahin ko para sa inyo.

At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kaniyakaniyang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan.

105 Kailan isinulat ang pangalan natin sa Aklat ng Buhay ng Kordero? Nang ang Kordero ay paslangin bago pa itatag ang sanlibutan. Nang ang Diyos ay Jehova pa, El, Elah, Elohim, Yaong nabubuhay na mag-isa. Tulad sa isang napakalaking Diamante, hindi Siya maaaring maging anupaman, ngunit sa loob ng diamanteng ito may katangian Siya bilang isang Tagapagligtas. Sa mga katangiang ito sa loob Niya, ay may Tagapagpagaling. Buweno, wala pang ililigtas at wala pang pagagalingin nung una, ngunit ang mga Katangian Niya ang naglabas nito. Kaya nga bago itatag ang sanlibutan, nung alam na Niya, ang dakilang paglalantad Niya dito, na magiging isa Siyang Tagapagligtas, na Siya ay darating at mahahayag sa laman at mananahan sa ating kalagitnaan, at alam Niya na sa Kaniyang mga latay ay mapapagaling tayo, pinaslang na Niya ang Kordero sa Kaniyang Aklat bago pa itatag ang sanlibutan, at isinulat ang inyong pangalan sa Aklat bago pa itatag ang sanlibutan. Ay, naku.

106 Makinig kayo dito. Ang predestinasyon ay tumitingin pabalik sa paunang kaalaman—ang ibig kong sabihin ay ang pagkahirang. Ang pagkahirang ay tumitingin sa paunang kaalaman, at ang predestinasyon ay tumitingin sa tadhana. Huwag n'yong kalimutan 'yan, na ang pagkahirang ay tumitingin pabalik dito, heto iyon, “Dati akong isang amorseko. Isinilang ako sa kasalanan, inanyuan sa katampalasanan, dumating sa mundo nang nagsisinungaling, isinilang sa kalagitnaan ng mga makasalanan. Ang aking ama at ina at ang buong pamilya ko ay makasalanan. Isa akong amorseko dati. Ngunit bigla na lang akong naging isang trigo. Papaano ito nangyari?” Iyon ako, ano iyon? pagkahirang. Ang Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, pinili Niya ang amorsekong iyon upang maging trigo. “Ngayon, alam kong isa akong trigo, sapagkat ako’y ligtas. Papaano ko nalalaman?” Lumilingon ako pabalik at nakikita kong itinalaga Niya ito, matagal na panahon na. Sa pamamagitan ng paunang kaalaman nakita Niyang mamahalin ko Siya, kaya’t gumawa Siya ng katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, upang sa pamamagitan Niya ay maging trigo ako galing sa pagiging amorseko. “Ngayon, nasaan na ako?” Ligtas na ako; lumalakad ako sa biyaya ng Diyos. “Saan naman nakatingin ang predestinasyon?” Sa destinasyon. “Kung saan Niya ako dadalhin, at kung saan ako magtutungo?” Iyan ang may hawak sa iyo.

Espiritu ng Diyos, na naglilingkod sa atin ng kaparehong mga espirituwal na pagpapala.

. . . nagpala sa atin ng bawat pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan . . .

92 Oh, tumigil lang tayo ng ilan pang sandali rito. “Sa sangkalangitan.” Ngayon, hindi lang basta-basta kung saan, kundi sa sangkalangitan. Tayo ay nagkakatipon sa “sangkalangitan,” nangangahulugan ng posisyon ng mananampalataya. Na kung ako ay nakapanalanging lubos, kayo’y nakapanalanging lubos, o ang iglesia ay nakapanalanging lubos, at nakahanda tayo para sa mensahe, at nagkatipun-tipon tayo bilang mga banal, mga tinawag palabas, binautismuhan ng Espiritu Santo, pinuspos ng mga pagpapala ng Diyos, tinawag, hinirang, pinaupong magkakasama sa mga makalangit na dako ngayon, tayo ay mga makalangit sa ating kaluluwa. Ang ating mga espiritu ay nagdala sa atin sa isang makalangit na kapaligiran. Oh, kapatid. Hayan na nga: isang makalangit na kapaligiran. Oh, ano kayang maaaring mangyari ngayong gabi? Anong maaaring mangyari ngayong gabi kung uupo tayo dito ngayong gabi sa isang makalangit na kapaligiran, at ang Espiritu Santo ay kumikilos sa bawat puso na ipinanganak na muli at naging isang bagong nilalang kay Cristo Jesus? Ang lahat ng kasalanan ay nasa ilalim na ng Dugo, sa sakdal na pagsamba, na nakataas ang ating mga kamay sa Diyos at maging ang ating mga puso, nakaupo sa makalangit na dako kay Cristo Jesus, nananambahang magkakasama sa makalangit na dako . . .

93 Nakaupo na ba kayo sa ganu’n? Oh, nakaupo na ako hanggang sa ako’y maiyak sa kagalakan at magsabing, “Diyos, huwag mo na akong paalisin dito”: sadyang makalangit na dako kay Cristo Jesus.

94 Pinagpala tayo ng ano? Makalangit na pagpapagaling, paunang kaalaman, kapahayagan, mga pangitain, mga kapangyarihan, mga wika, mga pagpapaliwanag, karunungan, kaalaman, lahat ng makalangit na mga pagpapala, at kagalakang di mabigkas at puspos ng kaluwalhatian, ang bawat puso ay puspos ng Espiritu, lumalakad sa Espiritu, magkakasama, nakaupong sama-sama sa mga makalangit na dako, walang isa mang masamang kaisipan sa ating kalagitnaan, walang isa mang sigarilyong hinihithit, walang maiksing damit, walang isa mang ganito, ganiyan, o iba pa, walang isa mang masamang kaisipan, walang nagtatanim sa isa’t isa, ang bawat isa ay nagsasalita na may pag-ibig at pagkakaisa, nagkakaisa sa iisang lugar, “at pagdaka’y may dumating mula sa langit na isang ugong tulad sa humahagibis na malakas na hangin.” Hayan na nga, “Pinagpala tayo ng lahat ng mga pagpapalang espirituwal.”

95 At maaaring lumagpak ang Espiritu Santo kaninuman, at magsabi, “ITO ANG SABI NG PANGINOON. Magtungo ka sa ganitong lugar at gawin mo ang ganito.” Masdan mong nagaganap ito nang ganu’ng gano’n. Pinagpala Niya tayong magkakasama ng lahat ng pagpapalang makalangit sa mga makalangit na dako . . . Masdan n’yo.

Ayon sa pagkapili niya sa atin . . .

96 Tayo ba ang pumili sa Kaniya, o Siya ang pumili sa atin? Siya ang pumili sa atin. Kailan? Nung gabing tinanggap natin Siya? Pinili . . .

97 Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo’y maging mga banal . . . walang mga dungis sa harapan niya sa . . . (*mga denominasyon?*) . . . sa pag-ibig:

98 Kailan tayo pinili ng Diyos? Kailan kayo pinili ng Diyos, kayong mga mayroong Espiritu Santo? Kailan Niya kayo pinili? Bago pa itatag ang sanlibutan . . . [Patlang sa tape—Ed.]

Pinili Niya kayo at isinugo si Jesus upang Siya ay maging katubusan ng inyong mga kasalanan, upang tawagin kayo sa pakikipagkasundo, sa Kaniyang Sarili, sa pag-ibig. Oh, sana mayroon tayong ilan pang minutong panahon.

99 Hayaan n’yo bumalik ako sa Genesis 1:26 bago tayo magpakalawig. Dadamputin ko iyon sa Miyerkules. Nang likhain ng Diyos ang tao . . . Bago Niya gawin ang tao, tinawag Niya ang Kaniyang Sarili na “El,” E-I, El; E-I-h, “Elah,” “Elohim.” Ang salitang ito sa Hebreo ay nangangahulugang, “ang nabubuhay na mag-isa,” nag-iisa lang Siya. Walang nabuhay bago Siya. Siya ang tanging pagkabuhay na naroroon dati, Yaong nabubuhay na mag-isa: “El, Elah, Elohim,” na ang ibig sabihin ay “Yaong sapat sa lahat, makapangyarihan sa lahat, Kataas-taasan, nabubuhay na mag-isa.” Oh.

100 Ngunit sa Genesis 2, nang gawin Niya ang tao, ang sabi Niya, “Ako ay si Y-a-h-u, J-u-v-u-h, Yahua, Jehovah. Anong kahulugan niyon? “Ako Yaong nabubuhay na mag-isa na lumikha ng isang bagay mula sa Aking Sarili upang maging Anak Ko, o isang pansamantala, o isang munting amatyur Ko.” Oh, luwalhati. Bakit? Binigyan Niya ang tao . . . Ang “Jehovah” ay nangangahulugan na ipinagkaloob Niya na ang tao ay maging isang amatyur na diyos. Sapagkat Siya ay Amang Diyos, at ginawa Niyang amatyur na diyos ang tao, kaya’t hindi na Siya nabubuhay na mag-isa; nabubuhay na Siyang kasama ng Kaniyang pamilya. Amen. Elah, Elah, Elohim . . . Ngayon, si Jehovah na Siya, “Jehovah” na ang ibig sabihin ay “Yaong nabubuhay kasama ng Kaniyang pamilya.”

Ngayon, pinamuno Niya ang tao sa buong sangkalupaan; nagkaroon siya ng pamamahala. At ang lupa ay nasa pamamahala ng tao. Ayon ba iyan sa

Kasulatan? Kung gayon kung iyan ay nasa kaniyang pamamahala, siya ay diyos sa ibabaw ng lupa. Maaari siyang magsalita, at ito’y mangyayari. Maaari niyang sabihin ang ganito, at magkakagayon. Oh. Hayun Siya, ang Diyos, si Jehovah, Yaong dating nabuhay na mag-isa, ngunti ngayon ay nabubuhay na kasama ng Kaniyang pamilya, at ng Kaniyang mumunting mga anak . . . Hayan na nga.

101 Ngayon, basahin n’yo iyan. Tatalakayin natin ito sa Miyerkules ng gabi, kung kailan ay mayroon tayong mas maraming oras. Mga labinglimang minuto na lang tayo at tayo’y . . . Akala ko mararating natin ang isang dako, ngunit hindi ko na kaya, ang pagkatatak sa atin ng Espiritu Santo ng pangako. Tama.

102 Ngayon, kailan ba tayo tinawag upang maging mga lingkod ng Diyos? Kailan tinawag si Orman Neville upang maging lingkod ng Diyos? Ay, naku. Namamangha ako. Sasabihin ko sa inyo; kumuha tayo ng ilang mga Kasalutan. Nais kong kunin n’yo ang I Pedro 1:20. At Pat, kunin mo ang Apocalipsis 17:8. At kukunin ko ang Apocalipsis 13.

Ngayon, nais nating pakinggan ito. Nais n’yong malaman kung kailan kayo tinawag ng Diyos upang maging Cristiano. Oh, gustung-gusto ko ito. Ito ay . . . “Hindi mabubuhay ang tao sa tinapay lamang, ngunit sa bawat Salitang namumutawi sa bibig ng Diyos.” Tama, Brother Neville, nakuha mo na ba ang I Pedro 1:20? Sige basahin mo ang 1:19 at 1:20. Makinig kayo rito. Oo. [Binasa ni Brother Neville ang I Pedro 1:19-20—Ed.]:

Kundi ng mahalagang dugo, gaya ng sa korderong walang kapintasan at walang dungis, sa makatuwid bago’y ang dugo ni Cristo:

Na nakilala nga nang una bago itinatag ang sanglibutan, ngunit inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo.

103 Kailan Siya itinalaga? Bago itatag ang sanlibutan. Brother Pat, basahin mo ang Apocalipsis 17:8. [Binasa ni Brother Pat ang Apocalipsis 17:8—Ed.]:

At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit nang umahon sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan: at silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila sa hayop, kung paanong naging siya at wala, at darating.

104 Sino’ng madadaya? Sino’ng madadaya ng relihiyosong taong ito na tulad ni Saul? Na sadyang napakatuso at napakasakdal hanggang sa dadayain nito ang ano? Ang pinaka hi . . . [Ang kongregasyon ay sumagot ng, “hirang”—Ed.] kung? Kung maaari.